This is a digital copy of a book that was preserved for generations on library shelves before it was carefully scanned by Google as part of a project to make the world's books discoverable online.

It has survived long enough for the copyright to expire and the book to enter the public domain. A public domain book is one that was never subject to copyright or whose legal copyright term has expired. Whether a book is in the public domain may vary country to country. Public domain books are our gateways to the past, representing a wealth of history, culture and knowledge that's often difficult to discover.

Marks, notations and other marginalia present in the original volume will appear in this file - a reminder of this book's long journey from the publisher to a library and finally to you.

Usage guidelines

Google is proud to partner with libraries to digitize public domain materials and make them widely accessible. Public domain books belong to the public and we are merely their custodians. Nevertheless, this work is expensive, so in order to keep providing this resource, we have taken steps to prevent abuse by commercial parties, including placing technical restrictions on automated querying.

We also ask that you:

+ *Make non-commercial use of the files* We designed Google Book Search for use by individuals, and we request that you use these files for personal, non-commercial purposes.

+ *Refrain from automated querying* Do not send automated queries of any sort to Google's system: If you are conducting research on machine translation, optical character recognition or other areas where access to a large amount of text is helpful, please contact us. We encourage the use of public domain materials for these purposes and may be able to help.

+ *Maintain attribution* The Google "watermark" you see on each file is essential for informing people about this project and helping them find additional materials through Google Book Search. Please do not remove it.

+ *Keep it legal* Whatever your use, remember that you are responsible for ensuring that what you are doing is legal. Do not assume that just because we believe a book is in the public domain for users in the United States, that the work is also in the public domain for users in other countries. Whether a book is still in copyright varies from country to country, and we can't offer guidance on whether any specific use of any specific book is allowed. Please do not assume that a book's appearance in Google Book Search means it can be used in any manner anywhere in the world. Copyright infringement liability can be quite severe.

About Google Book Search

Google's mission is to organize the world's information and to make it universally accessible and useful. Google Book Search helps readers discover the world's books while helping authors and publishers reach new audiences. You can search through the full text of this book on the web at `http://books.google.com/`

GRAD
PN
3299
.M24
1907
BUHR

A 899,459

Hosted by Google

MANGA PUNÁ

NA SINULAT NANG

Pbro. D. Aniceto de la Merced

naguing Cura sa Candaba (Capampangánan)

UNANG PAGCALIMBAG

MAYNILA

LIMBAGAN NINA FAJARDO AT KASAMA

DAANG CARRIEDO BL. 101, STA. CRUZ.

1907.

Google

THE UNIVERSITY OF MICHIGAN
LIBRARIES
THE UNIVERSITY OF MICHIGAN
1817

Digitized by Google

MANGA PUNA

NA SINULAT NANG

Pbro. D. Aniceto de la Merced

naguing Cura sa Candaba (Capampangan)

UNANG PAGCALIMBAG.

MAYNILA

LIMBAGAN NINA FAJARDO AT KASAMA
DAANG CARRIEDO BL. 101, STA. CRUZ.
1907.

Digitized by Google

GRAD
PN
3299
.M2d
1907

Ipinagbabaual ang pagpapalimbag. Ang lahat nğ aclát ay may taglay nğ isang tatác nğ may-ari.

Ipinagbibili ang tulang ito nğ mğa aclatan ó libruhan sa Maynila at sa mğa lalauigan.

Ang paquiauan sa tindahan nğ may ari nğ tuláng ito, ay sa plaza nğ Baliuag, Bulacán, S. P.

Digitized by Google

PAUNAUA.

Ang pagcapatuloy na malathala ang mga Punáng itó, sa Pasiong pinalimbag nǧ isang devoto, at pinaghusayhusay naman nila Dr. Mariano Pilapil at ni P. Manuel Grijalvo, ay sa nasang malunasan ang nangaliligaw na paniniuala na di nai-inó nǧ caramihan ang malalaquing camalia't lihis na pagcacasaysay ayon sa talagang casulatang pinagda-anan nǧ Mananacop, na mapatutunayan nǧ madláng nanǧacababasa nǧ catotohanan.

Sanhi rito'y a-acalain marahil nǧ manǧacasisiyasat na ang capanǧahasa'y uala nǧ magdaramdam na autor: hindi sa gayon, pagca't ang aquing ipinaunaua ay ang camalian nǧ casaysayang tinutucoy caya di ipinanǧiming ipalaot ang nasabi sa ita-ás.

P. A. Merced.

Hosted by Google

Digitized by Google

SA MÑA MANGBABASA

NANG

PASION.

Dito'y maquiquita at mapag-iisip
ñg nagsisibasa't mga naquiquinig,
ang maráming tuláng di uasto't marunñgis
sa Sta. Cuaresma'y gauing ina-auit.
Ipa-aaninao nitong casaysayan
ang di na iinong malíng naghámbalang
niyaong tinatauag na Pasiong mahál,
bago'y isang catha ñg ísip ná culang.
Mga pagcátulang ináauit auit
ay nag-papalabo sa matá ñg ísip,
taguinting ñg balát ang nacatataquip
sa di ñginuñgayáng lamáng matitinic.
At sa lábong ito'y lálong nagpalalá
yaong lubháng lihís na paniniualang
si Dr. Pilapil ang siyang may catha
niyaong pasiong hindi sa áral ay tugma.
Cay Dr. Pilapil na daquilang pahám
di dápat iyucol itóng gauang mangmang,
siya ñga ay hindi susulat aaral
ñg nañgalilihis sa catotohanan.

Hosted by Google

Lacás ñg panuyo lámang at pamanhíc
ñg hindi mahíang mahinuyong dibdib,
pinagbiguíang loób cung caya nagcamít
niyong pahíntulot ang may mga naís.
Napáhinuhod ma'y mayroón ding ilán
saysay na binago't pinaghahalínhan
mapagquiquila ang iláng maquináng
na mga talatáng may tañging linamnam.
Ngúni't sino cayá ang macababatá
magbagó sa daming malíng napagquitá,
saca sa nagnais pílit tatalima,
si Pilapil na ñga'y nagpiquit ñg matá.
Si Padre Grijalvo na Cura sa Pasig
isa sa nagpagál na nagliníslinís,
dahil sa pamanhíc ni D. Miguel Sanchez
Pasion baga lamang mábiling tahimic.
Mga ilán lamang na uicang di toto
ang pinag-aalís ni Padre Grijalvo,
mag-alís ñg láhat abalang tatoó
sa nagnais lámang ay nagbigay gusto.
Uicang sinuñgaling at sabing hilacó
na palihíslihis ay di na quinibo,
hinalao na lámang macalulugso
doón sa Infierno't sa diablo'y máhalo.
Ang sa Arzobispo'y cay Grijalvong sabi
ay matutulutang maúbos mábili,
at nilinis niyang inalis ang dumi;
ñguni't may pabuntot tadhanang matindí.
Mga manglilimbag ay pauang baualan
na magsipañgahás lumimbag sino man
ñg nilinis niyang Pasiong pinaghusay,
cundi magcabagong capahintulutan.

Hosted by Google

Ang tadhanang ito'y nagpapatalastas
na may natitirang marami pang libág
cayá ibinaual na mulíng malimbag
cundi magcabágong túlot na pahayag.
Sa ganitong báual ay mapaguauari
na ang Pasiong yaon ay di nalalagui,
cung maúbos-ubos ay ualáng uuli
mañgahás lumimbag siyang pagcapaui.
Ang pinag aalís ri Padre Grijalvo
ang lumbay ni Adang na sa Paraiso,
at ang inilagay biguian ñg cayuñgó
hindi nararapat ang mag-isa ang tauo.
Isá pang inalís yaong pañguñgusap
cay Jesús na dúnong at graciang uagás,
nátaas nalaqui't siya'y Dios Anac, Pag. 34.
at ang inilagay ay sa tauong haráp.
Hindi nacabatá; na uícang bulisic Pag. 10.
ñg biguian ñg tampál ang Poong matipid,
ay inalis namán at ang ipinalít
ay ang nacabatá, at siya'y nagtiis.
Capaladpalarang namatay sa tián
na uicang di uasto ay inalís namán
di maipaglihí; siyang inilagay,
di na sambitlain ang ibá pang ilan.
Ang may catha nitóng Pasiong lumaganap
isang manunula na lubhang pañgahás
tañgi pa sa rito, bála na'y nagdagdag
ñg canicanilang dúnong na iniñgat.
At sila sila rin ay nagpalaluan,
mabuti mang yari'y paiibabauan
na babaguhin pa't ñg másabi lámang
na may tañgi silang dúnong natutuhan.

Hosted by Google

Dito'y ilalagdang ipaquiquilala
ang tuláng binagong masarap na lasa,
ang inihalili ay lubhang mapaclá
ñg masabi lamang dúnong niya'y ibá.

Saysay na may lasa ng unang manunula. Pag. 143.

Ang sino mang natutuca
ñg olopong na mabisa
capagdoon tumiñgala
sa tumbagang nacacana
ay gágaling alipala.

Saysay na m pacla ng huling manunula. Pag. 143.

Cung sino man ang macagat
ñg olopong man at ahas
sa tanso ñga cung magmalas
ay mapaparam na agad
ang mabibisang camandag.

Alin ang camandag na mañgapaparam
nacagat ay hindi nacacamandagan,
magmálas sa tanso ay caosiosohan
hindi hiñging aua na huag mamatay.
Nacacamandagan ang nañgatutuca,
mga pagtiñgala'y paghiñgi ñg aua,
di itong bumagong nag-bá ñg tula
ay ualang guinaua cundi ang nanira.

Sa unang Pasion saysay nang unang manunula.

Icao man ay namimindong
tingni ang anac mong bugtong
icao rin ang liniliñgon.

Sa huling Pasion pinaghusay ni Dr. M. Pilapil at ni P. M. Grijalvo.

Namimindong ca man Ina
tingni ang anac mong isa
icao rin ang quiniquita.

Sa unang Pasion nang unang manunula.

Lumabás ca calapáti
sa daóng bagá ni Noe
pagbalic na't di pa.cáti.

Digitized by Google

ang tubig ay lubhang malaqui
nitong hirap cong marami.

Sa huling Pasion pinaghusay ni Dr. M. Pllapil at ni P. Grijalvo.

Calapati'y lumabas ca
sa betel ni Noeng arca
pagbalic ñgayong dalí na
tubig lubhang malaqui pa
nitong Pasion cong lahat na.

Mg̃a pinagbagó ay lubhang marami
dito ay sucat ñg̃ mahalatang dume
sa capangyarihan na pinapangyari
nitong nagpalimbag manunulang hulí.

Ang sariling cathang mg̃a idinagdág
cay daming di dapat mg̃a pañgung̃usap
ang iba'y inalis pinagdalháng sipag
maraming natirang pinagdalhang tamád.

Nang mapag-quilala dito'y idurugtong
ang mg̃a natirang mahiguit sa lason,
urali ñg̃ sama sa nañga-pálulong
mañgahas sa hindi lubhang nanuynoy.

Cahit ang Pasion ay hindi lalagui
ay itutuloy rin ang pamatáng mithi
taním na di uasto'y upanding mapaui
sa loob ñg̃ tauo't huag maguing binhi.

Saysay sa Pasion pinalimbag ng isang devoto at pinaghusay ni Dr. M. P. at ni P. M. Grijalvo. Pag. 11.

Itong si Ada't si Eva
ay nag anac ñg̃ dalaua
na lalaquing para para
si Caín ang uua una
si Abel ang icalaua.

Sinabi nama't, tinuran
sila ang pang gagaliñgan
niyaong sasacop sa tanan

Hosted by Google

papauí ñg cabagsican
ñg demoniong tampalasan.

Ang Puna. Sino caya yaong macapag-sasabing ang pinang-galiñgan ñg Verbong cumasi ay Caín at Abel dalauang lalaqui, sa canila'y sinong pinacababae.

Dalauang lalaqui'y nagpañgasauahan lalaqui ang Ina ñg Verbong marañgal, capua rin lalaqui ang pinang-galiñgan siyang saysay nitong Pasion ualang muang.

Saysay sa Pasióng pinaghusay ni Dr. M. P. at ni P. M. G. Pag. 91.

Cava malupit na lilo
pagnilay niyang gaua mo
pagsisihan mong totoo
at cundi ca gumanito
sa aba mo ñgang aba mo.

Ang Puna. Ng nabubuhay pa si Judas na lilo ay tila yari na ang Pasiong ito, caya at ang nangyaring nacabigay payo magsisi si Judas ñg di ma-Infierno.

Ang ibig sabihin nitong Pasion muang nasa Infierno man ang sisi'y may lugar magduñgis na muna sa lupang ibabao saca na maglinis doon sa daratnan.

Saysay sa Pasiong pinaghusay ni Dr. M. P. at ni P. M. G.

Pag. 96.

Ang di niya ma-itulot
sa iyo't ipagcaloob
yaong hinñgi mong masayod
ñg dugo mo at masacop
ang tauo sa sansinucob.
Sapagca't pastor cang tunay
nitong mundong cabilugan
ang obejang sino pamán

Ego autem sciebam quia semper me audit. Joan I.

Decendi de celo non ut faciem voluntatem mean sed voluntatem ejusqui misit me.

Hosted by Google

cundi masoc sa bacuran
hindi ñga masasacupan.

Ang Puna. Diyata't mayroong hindi maitulot
ang Dios na Ama sa hiñgi ni Jesús,
ito'y isang saysay na lico at buctot
turo ñg isip mong cay Jesús pag-áyop.
Hihiñgi si Jesús ñg di mangyayari
at si Jesús caya ay ualang intindi,
hindi niya alám ang dapat itangui
ang bagay na hiñgi at hiñging mabuti?
Ang itinatangui ay hiñging balatóng
at ¿mababalatong ang ulo ñg dúnong?
ang saysay na itó nitong maling Pasion
ay saysay di uastong cay Jesús pag-oroy.
Dinguin mo pa itong susunod mong saysay
cundi ang inaco'y ang sangsinucuban
na tanang inanac ni Evang naghunghang
at hindi ang nasoc sa bacuran lámang.

Saysay sa Pasiong pinaghusayan ni Dr. M. P. at ni P. M. G. Pag. 15.

Sapagca't uala ñg iba
sucat umaco sa sala
ñg tanang anac ni Eva
cundi ang anac niya
na icalauang persona.
Nag usap na ñga ang tatlo
na may gaua nitong mundo
ang yari sa consistorio
dili iba at ang Verbo
siyang sasacop sa tauo.

Pag. 26. At yayang iyong linoob
cung caya siya nanaog
ñg ang tanan ay masacop,

Hosted by Google

dugo niya ang mabubuhos
sa sala ñg sangsinucob.

Ang Puná. Mga saysay itong hindi mo sarili,
tila cay Pilapil na inihalili,
caya ñga't hindi mo batid na mabuti
cundi bagcus mo pang inibang parale.

Ang sabing di tama ang pinaghulugan
ang nasa bacuran ang sinacop lamang
at di ang cay Evang inanac na tanan
lahat bagáng tauo sa sangsinucuban.

Cung pinag-usapan nilang isang Dios
na sacuping lahat boong sangsinucob
cung ito'y sa Dios na boong linoob
ay baquit hiñgin pa't hindi pa itulot.

Nasoc sa bacuran ang tulot dao lamang
sacupin ni Jesús at di calahatan,
ang Dios na Ama'y magdaraya bilang
na ipinagculi ang pinag-usapan.

Naquita na rito ang saysay sa Pasion
ang mag amang Dios inaring balatong,
ang saysay na ligáo at mga pang-lason
ay siyang sa tauo'y ipinalalamon.

Di pa nanaog ang Poong si Jesús
ay yaring lubos na pag-aco't pagsacop,
ay ¿ano't hiñgin pa ñg macapanaog?
dañgan itong Pasio'y lubhang lico't buctot.

Di pa itinulot ang saysay na dagdag
pauang camaliang mga pañguñgusap
cay Jesús na Poon ay lubos paglibac
may masamang hiñging hindi ipinayag.

Itong pahiuatig nitong saysay hiló
ay boong hiniñgi ñg Poon si Cristo

Digitized by Google

sa Dios na Ama na ang tanang tauo
ay mañgagcalañgit banal man at lilo.
Itinulot lamang nasoc sa bacuran
ang cristiano baga, lilo man at banal
ay mañgagcacamit ñg Lañgit na bayan
ito'y ang sa Pasióng pañgaral na bigáy.
Sila camalian.. ... siyang naghiuatig
sa cumathang ito na maicsicg isip,
ang isip malabo'y madaling ibulid
ñg nañgagnanasa sa canilang ibig.
Nasoc sa bacura'y ang canyang parale
ang mapa-Infierno'y hindi na mangyari,
sapagca't sinacop na parang binili
ay di naiuacsi't candiling parati.
Sa pauaring ito'y mayroon ding diablo
na mga tagalog nananañgan dito,
anáng isa't isa'y uala rao Infierno
ang tanang cristiano't sinacop ni Cristo.
Anang iba nama'y si Cristo'y naghirap
ano't magdudusa ang cristianong lahat,
magdudusa pa ba'y inaco ñg ganap
caya sa Infierno ang cristiano'y ligtás.
Ito'y siyang turo nitong lisiang saysay
nasoc sa bacuran ang sinacop lamang
sapagca't tinubus ñg dugong marañgal
ay uala na silang parusang cacamtan.
Ano pa't ang tauo na pauang cristiano
cahit habang buhay magdiablong maglilo
ay hindi mangyaring siya'y ma-Infierno
di ito'y Pasiong sa licó nagtuñgo.

Saysay sa Pasion. Pag. 116.

Cahima't salang puyapos
cung nagbabalic ang loob

Hosted by Google

at tumatauad sa Dios
pañgaco niyang tibobos
patauarin ding lubos.
Lalo na ñga cung magtica
ipagcumpisal ang sala
sumunod at tumalima
sa mga bigay parusa
ñg cahalili ñga niya.
Paglilimos pañgañgadie
paghahampas niya ñgani
at cung may ipasasauli
anomang bagay at ari
ay ganaping dalidali.
Cung ito ay maganap na
masunod na para para
sucat na namang umasa
masasaulan ñg gracia
ang caniyang calulua.

Ang Puná. Ito'y hindi toto't namamaling aral na may patauad na tanang casalanan cung ihiñging tauad sa Dios na mahal cahima't hindi pa napagsisisihan.

May patauad na rao lalo cung magtica, di may patauad na'y ang sisi'y uala pa, ang uala pang ticang lumayo sa sala ay ualang malinao pagsisising dala.

Macalalacsa man na huminging tauad cahit icumpisal boong salang lahat cung uala pang ticang sa sala'y umilag ay ualang patauad ang salang iniñgat.

Caya tahan ca na at maruñgis na Pasion, dami ñg aral mong balasíng at lason,

Hosted by Google

urali sa iyo ñg maling panahon
na sumamantala sa capes mong dunong.
Mabuti pa naman cung pauang balasíng
huag hinaluan maiguing pagcain,
ualang calolouang cacaing mahimbing
na mababalasing ñg demoniong tacsil.
Tupdin dao madali ang tanang parusa
at cung matupad na'y asahan pagdaca
na mananauli ang naualang gracia
sa caaua auang caloloua niya.
Ito'y ang sa Pasiong mga maling aral
bigay paunauang hindi sasaulan
ñg gracia ang tauong inaabsolvehan
hangang di matupad ang parusang tanan.
¡Ay caaua-auang mga calulua
na pinagbibiguiang mahabang parusa,
cun sanglibong gabi na mag ave María
isang libong arao hihintin ang gracia!
Isang libong arao nabibiñgit ito
hangang di maganap parusang sanglibo
ito'y siyang aral noong Pasiong lito
carununñgang lihis, lisia't ualang toto.
Capagca-absolve sa nagcucumpisal
ang gracia ñg Dios ay agad cacamtan,
sucat ang tumangap sa parusang bigay
at tumupad namang huag magcuculang.
Ito'y tantuin mo manunulang buctot
huag magmayabang mañgahas pumasoc
na umaral aral ñg di mo pa talos
ang cararatnan mo'y matisod mabanloc.
Cahit aco'y anac dito
sa lamáng bayang di toto

Saysay sa Pasion. Pag. 121.

Hosted by Google

ay sa Langit na Imperio
doon ang lalong lacas co
at capangyarihang totoo.

Ang Puná. Ito ay pasaysay ng nangalalango
na dito'y ititic sa Pasiong di toto
na lalo sa Langit ang lacas ni Cristo
at capangyarihang mahiguit sa rito.
Bigay patalastas ang capangyarihan
ni Cristo'y mayroong mga cahanganan,
na hindi laganap sa tanang quinapal
sa Langit ay lalo sa lupa ay culang.
Anopa't si Cristo'y hindi siya Dios
ang capangyariha'y hindi lubhang lubos,
ito'y camaliang lihis na patalós
sa mahal na Pasio'y isinamang labos.

Saysay sa Pasión Pag. 127.

Tumulad ca na rito
sa Panginoon mong ito
ang cahirapan sa mundo
iyong tiising totoo
para mong damay cay Cristo.
Na cung maguing dapat bagá
malangcap mapaquisama
sa dalita't hirap niya
munti ring ipagbabaua
sa lahat mong gauang sala.

Ang Puna. Ang mga pahirap na bigay ng mundo
ay cun tiisin dao idamay cay Cristo
isa na rao munting gamot na totoo
na macababauas sa sala ng tauo.
Cun baga't sanglibo ang salang iningat,
sa tuing matisod ay magpasalamat,

Digitized by Google

idamay cay Cristo ang hapdi at hirap,
ang sanglibong sala'y magbabauas bauas.
Anopa't ang tauong may saquit na hica
tuing susumpuñgi'y bathing matiaga
na ipaquiramay cay Cristong dalita
ang sanglibong sala'y marahil mauala
Mañga catitiis mga cararamay.
mga cababauas ñg salang quinamtan,
pilit mauauala sala'y sanglibo man
dahil sa ang hica ay may calaunan.
Siya'y dí na dapat magsisi't magtica
at magconpisal man, at uala ñg sala,
daming cababauas ano pang titira
cun magcuentaha'y macahihiguit pa.
Dí ito ay aral ñg may hilóng isip
na ipinalagda sa Pasiong maruñgis,
upang macahuli may datay na sakit
huag ñg magsisi't sa damay manalig.
Ang sisi't compisal ay anhing gauin pa,
mga cadadamay ay sucat na pala
na icauauala ñg sa tauong sala,
dí ito'y sa ulol aral palamara.
Mga salang mortal ay di nagbabauas
cundi sabaysabay na minsang mabacbac,
ang gracia ñg Dios sa tauong tinangap
sa mortal na sala'y siyang nagtutulac.
Mga Sacramento ñg Sta. Iglesia
ay sia ñga lamang at uala ñg iba
sucat na magbigay ñg biyayang gracia
na macauauala ñg mortal na sala.
Ito'y tantuin mo Pasiong di marapat
na ang salang mortal ay di nagbabauas,

Digitized by Google

hindí sacramento ang cumuhang tulad at cumuhang damay cay Jesús na hirap.

Saysay sa Pasion. Pag. 132.

Ualang magagauang tunay
ang namatay mong catauan
palibhasa'y lupa lamang
sa aba mong aba naman
cun uala cang tagong simpan.
Samantalang may hiniñga
at icau'y nabubuhay pa
maglaan ca nang maaga
sucat mong icaguinhaua
ñg cagamit gamit mo na.
At cun icao'y pagisipan
ñg cagamit gamit lamang
maganda rín ang may simpan
at munting naiiñgatan
mayroon ñgang pagcucunan.

Ang Puná. Mañga caloloua'y cahit hindi lupa sa catauan nila'y cun maualay na ñga ay uala rín silang anomang magaua caya tahan cana Pasióng ualang díua.

Ang saysay sa Pasion ay abang aba rao cun ualang iniñgat na tinagong simpan at maganda rin dao ang mayroong ilan. na mga sinimpan at may pagcucunan.

Uicang abang aba't saca maganda, rin ay lubhang malinao salitang pansinin sapilita't hindi simpang tagubilin caya itong Pasio'y sa ulol ihambing.

Aling simpan itong biling ilalaan icaguiguinhauat cun mapag isipan

icaguiguinhaua't hindí sapilitan
may ica pa Langit ay maganda rin dao.
Sa ibang eregeng mga uiniuica
ang infierno't Langit anila ay ualá
ito'y ang sa Pasiong bigay paunaua.
caya ang magsimpa'y maganda rin gaua.
Aling simpan itong bigay na patalos
ó ang catuparan sa utos ng Dios.
ó gauang magaling na labas sa utos
sa dalauang ito ay napapaloob.
Cun ang catuparan ang biling isimpan
uicang maganda rin ay hindi cabagay
sapagca't ang utos isang di gampanan
ay pilit sa apoy cung mapag isipan.
Cun labas sa utos na gauang magaling
ang patagong simpang ipinagbibilin
anong magagaua cun bagá't singilin
ang sa isang utos ay cun susuain.
Cahima't mag simpan ng dí lacsang yuta
cun may isang utos sinuay na cusa
ay cun paisipi'y pilit bubulagtá
sa Infiernong apoy ualang pagcalisia.
Daming cahirapan iningat na simpan
ng isang Princesang nagcasalang minsan
sa Infiernong dusa'y hindí nasangalang
dahilan sa salang di iquinumpisal.
Caya nga't ang simpang dapat na itago
ang lahat ng utos ay tuparing boo,
ang isang dí tupding quinusa ng puso
ay pilit na pilit sa apoy cuculo
Anhin pang magsimpan magaling na gaua
tanang utos lamang ay tuparing paua

Digitized by Google

cun mapag-isipa'y ualang pagcalisia lalabas na pilit na Santong daquila.

Ang labas sa utos na gauang magaling ay maganda rin ñga na parating gau n sa pagcacasala'y daquilang pampiguil sa utos ay catig ñg hindi maquiling.

Mañga pangpagaan sa utos pagtupad sa utang na sala'y naguiguing pangbayad at nindi sa maguing sinimpang ininñgat na cung pag-isipa'y mayroong maghauac.

Ito'y camalia't mga daya't lalang sapagca't ang simpa'y gauang cagalinñgan sa simpan ang tauo'y pinapananañgan, pagtupad sa utos ay magculang lamang.

Boong cahuluga'y ang simpang devocion cung pagcucurui'y siyang magtatangol, cahima't di tupdin bco niyang tungcol ay di mahuhulog sa Infiernong apoy.

Caya tahan ca na Pasiong di marapat na tila ang tauo'y cahit di tumupad sa lahat ñg utos cun may simpang ingat ay cung pag-isipa'y mabuting lalabas.

Saysay sa Pasión. Pag. 173.

Lalong sucat icaguicla
ñgayon at icabalisa
baquit si Cristo'y patay na
ang taglira'y inulos pa
ni Longinos na masigla.

Ang Puna.

Mayroon pang lalong sucat icaguicla at may lalong dapat na icabalisa para ñg sa Cruz ipacong paripa si Jesus ng buhay quitlan ñg hininga-

Digitized by Google

Ang sucat pang lalong icaguiclang ucol
ay ang caramihang tauong napalulong,
na di nacamalay sa sabing balatong
na napapalaman sa lihis na Pasión.
Soldadong umulos ay hindi linibac
pinuri pa naman masigla ang tauag,
sana'y isang hunghang na Longinong sucab,
di matuid-tuid ang pagcapañgusap.

Saysay sa Pasión. PaS. 173

Ñguni ito'y siyang utos
at caloaban ñg Dios
na doon ñgani umagos
sa tagliran ni Jesus
yaong pitong sacramantos.

Ang Puná.

Ang taglirang mahal ng Poong si Jesús
ay pinañgahasang sinibat inulos
ñg isang soldadong tampalasang loob,
yaon, anáng Pasión ay utos ñg Dios.
Pasióng lubhang lihis magtahan ca na ñga,
pauang camalian ang lahat mong uica,
ang Dios ay parang inaalipusta,
aniyo mo'y nag-utos ñg gauang masama.
Sa Dios dao utos ang mga pag-ulos
sa mahal na tadiang ñg Poong si Jesus,
itoy siyang saysay nitong Pasióng buctot
lalo pa sa mangmang mag pusóng sa Dios.
Sibatin si Jesus ay mabuti baga
at ipag-uutos ñg Dios na Ama
sa camalian mo Pasióng palamara
ang Infiernong apoy sa iyo'y culang pa.

Saysay sa Pasion. Pag. 35.

Caya ñga't ñg dí maquita
ni Josef ang dalita baga
ni Jesús na anac niya

Hosted by Google

hiniñgí ñg boong sinta
siya'y mamatay mauna.
At hindi ñga matitiis
niyong banal na si Josef
na maquita at masilip
ang madlang hirap at saquit
ni Jesús na casí't ibig.

Ang Puná. Dinaig pa mandin ni Josef ang Vírgen
sa mga pag ibig cay Jesús na guilio
pagibig ni Josef sa buhay quiquitil
sa Vírgen ay hindi't dí lubhang taimtim.
Caya camaliang mga pahiuatig
na boong hiniling ñg Poong S. Josef
mamatay na siya't ñg hindi masilip
ang hirap ni Cristo cung biguiang pasaquit.

Saysay sa Pasion. Pag. 181. Ibig ñg ipaquilala
sa tauo at ipaquita
boong pagca Dios niya
ñg magsisampalataya
ang bulag na caloloua.
Sapagcat nasasalatan
tayo ñg caliuanagan
caya ñga't pinanaugan
ñg Verbo't pinaronan
ang limbo ñg mga banal.

Ang Puná. Ito'y mga saysay na uala ñgang toto
ñguni't saysay namang mahiguit sa loco,
sa loco na sana'y doon mapatuñgo
loco ay hindí pa magpapa-Infierno.
Boong pagca Dios capagca naquita
ñg sa taong isip na abot ñg mata,

Hosted by Google

ay may cahanganan pagca Dios niya
ay na pacalisiyang saysay paquilala.
Maipaquiquita boong pagca Dios
isang ualang hangan paanong maabot
ñg maicling isip magcabila'y capos
para ñg sa tanang quinapal na uod.
Ang sampalataya'y sa dí naquiquita
mga saysay nito'y naquita na muna
at doon ang mula ñg sampalataya
caya itong Pasio'y dunong ay caiba.
Caululang saysay caya pinarunan
ang limbo ñg mga calolouang banal
sapagca rao tayo ay nasasalatan
ñg caliuanagang casinungalingan.
Panauga't hindi ñg Verbo ang límbo
casalanan natin hindi mababago
at lalo na icao manunuláng Falso
muntí mang liuanag salát cang totoo.
Ang sa Catesísmong ipinagsusulit
ay hindi pa talos ñg salát mong isip,
nanaog sa limbo't banal ay dinapit
at sa Langit sila'y pauang inihatid.
Ito'y ang dahilan namong maalaman
na caya ang limbo ay pinanaugan
at hindi ang tayo ay nasasalatan
ñg caliuanagang iyong sinasaysay.
Yamang talastas na ang saysay sa Paión
na mga urali ñg maling follador
siya naman ditong aquing idurugtong
ipahahalata ilang saysay ulol.

Saysay sa Pasión. Pag. 13.

Doon siya inaralan
ñg tahi, at habi naman

at sulat na carampatan
ucol sa caniyang asal
na malinis at timtiman.
Doon ay ang gaua lamang
manalañgin gabi't arao
anopa't siyang huaran
ñg dalagang caramihan
sa colegio'y tumatahan.

Ang Puná. Tahi, habi't sulat, ucol sa timtiman sa Virgen ay siyang pinapag-aralan, at ang nauucol sa asal magaspang ay di itinuro sa Virgeng marañgal.

Alin alin cayang tahi, habi't sulat yaong sa timtiman ay ucol at dapat na sucat iturong cabagay calapat, alin alin naman ucol sa buhaghag.

Mayroon pa paláng sulat habi't tahi ucol sa timtiman at ucol sa hindi, na dapat iturong iucol sa budhi, turo ñgayo'y ibang ualang pilipili.

Pinag isang uangqui ang tinuturuan iisang paghabi, tahi't, casulatan ang itinuturo sa dalagang tanan hindi ipag-ucol sa canilang asal.

Tahi, habi,t, sulat ay paano caya na matutuhan ñg Virgeng daquila, cun sa arao gabi'y ualang guinagaua cundi manalañging parating tiñgala.

Camaliang lubha cun ang gauin lamang ñg mga dalagang nañgagsisitahan sa mga beaterio'y ang gauang magdasal at pananalañgin sa gabi at arao.

Hosted by Google

Anong uiuicain ñg madre priora
sa mga dalagang ualang gauang iba
cundi ang parating magdasal sumanba
di ibig manahi manulsi't maglaba
Maitutol caya ang aral ñg Pasión
malapit isagot ñg madreng marunong
cun ang Pasio'y siyang papatay ñg gutom
ay ipagtapuna't sunuguin sa apoy.
Cun ualang pang-agdong at hindi gumaua
batá ñg ang Dios cumalicalinga
na siya'y tucsuhing maghulog ñg aua
sa mga dalagang laguing patinggala.
Anim na arao ñga ucol sa catauan
ang sa caloloua'y icapito lamang
at ang Pasiong iyan ay siyang aaral
na di na nagtañgi ñg para sa buhay.
Caya icao Pasio'y huag manghimasoc
mañgahas umaral ñg lihis sa utos
banal na tuntuning ipinasusunod
sa mga dalagang napasasa Dios.
Baua't beaterio'y may reglang marunong
ang mga dalaga'y doon nanununton,
huag mong isangcot aral mong balatong
di pa dahong saguing sa ualang igatong

Saysay sa Pasión Pag. 13.

Sa matanto at matatap
ñg Padreng humihicayat
nagtaca at nanguilalas
sa mga uicang banayad
ñg Virgeng bunieng nañgusap.

Ang Puná. Sinong di magtaca't hindi manguilalas
sa pagbabanayad ñg Virgeng marilag

Hosted by Google

na hindi biglaing mga pangungusap
isang sasalitin naglilimang oras.
Gauang magbanayad ay macapipica
di matapostapos hininga pa muna,
ito'y ang dahilan na ipinagtaca
ng humihicayat na Padre cay Maria.

Saysay sa Pasión. Pag. 17.

Paanong pangyayarihan
niyang uica mong tinuran
pangaco co nang matibay
na hindi co dudumihan
puri cong iniingatan.

Ang Puná.

Uicain mo sanang, paanong mangyari
huag pangyarihan, na hilacong sabi
ang mga taingang may mga tutuli
ay siya mo lamang na pinacacatí.
May asauang tauo'y capag nagcaanac
ay di narurumhan ang puring iningat
caya nga't ang Virgen ay hindi nangusap
ng ganiyang uicang paulol na hayag.
Ang mga babaeng may mga asaua
cung mag anac sia'y nagcacahalaga
lalong dumidilag puring daladala
ito'y talastas na niyaong Virgeng Ina,
¿Ay baquit ang Virge'y siya'y nagcaanac
ay hindi narumhan puri niyang ingat
at bagcos cuminang napadilag dilag?
caya tahan ca na Pasiong lubhang bulag.

Saysay sa Pasión. Pag. 18.

Doon ay ang gaua lamang
nitong dalauang mag pinsan
mag usap ng dilang bagay
at manalanging mataman
sa Dios na Poong mahal.

Hosted by Google

Ang Puna. Magpinsang dalaua Isabel at Maria.
mg̃a dilang bagay ang usapan nila
tauong lumalacad ay huag maquita
masúsucat muláng úlo hangang paá
Itó ang sa Pasiong ipinaparáli
dalauang mag pinsa'y may dilang macati,
cun sila'y sumauang dumaldal magsabi
ay sa Dios naman tambing pacacasi.

Saysay sa Pasión Pag. 4.

Nang canilang matapatan
ang Jerusalem na bayan
ay nauala capagcuan
ang bituing sinusundan
patnugot nila sa raan.
Nagdilim ang cabunducan
sila'y naligao sa raan
ang tatlong Haring marañgal
bayan ñgang napatuñguhan
cay Herodes haring mahal
Ng sila ay malapít na
nag sang usapang talagá
ang tatlong haring masiglá
na si Herodes ñga bagá
daanan at ipagsama.
Sagót ñg haring Baltazar
oo't siyang catuiran
parang pagbibigay galang
cun sasama ó diliman
ay ñg ating máalaman.
Ang mahal na tala baga
tandang ipinañganac na
sa aming baya'y naquita

Hosted by Google

caya harí turan mo na
cun saán nároon siya.

Ang Puna. ¿Uala bagáng árao na lumiliuanag
at bituín lamang noó'y taga sicat,?
cun ualáng bitui'y didilim ang lahát
hindi naman gabi ang noó'y paglacad.

Sa Jerusalem dao ay natatapat na
mga tatlong hari malapit na sana
ay nagcang-liligao na doon napunta
sa haring Herodes cahariang iba.

Bangcáng natatapat sa camaynilaan
na sa cutang ilao, cun mamatáymatáy
sa Sungsong mapadpad na magcangliligao
ang maniniuala'y silá caululan.

Nang malapit na rao sa haring Herodes
na quinapadparán ay nag isip-isip
siláng tatlong Haring doo'y napabulid
cun anó ang dápat gágauing matuíd.

Minatapát na rao canilang daanán
ang haring Herodes ipag sama bilang
sa di nilá alám mga paroronán
para nilá uaring pagbibigay gálang.

Ang bagay sa tatlo'y tactacán ñg colma,
nagcaçangliligao ay mag-aaniyaya
sa dí nilá tantóng paroronan nila,
ulól ang iibig máligao sumama.

Nang magquiquita rao silang haring apat
sa haring Herodes ang tatlo'y nañgusap
«ang amin anilang batang hinahanap
«cun saán naroo'y turan mo ñg agad.

Dí ang tatlóng hari ay dapat tacalan
ñg mañgabáng hampás mga ualang gálang,

pagbibigay gálang caya naparaán
ligáo paláng lacad siyang patuturan.
Ang naguíng dulo rin nitóng saysay ulól
dito cay Herodes ay nasumpóngsungpòng
ang pinaghahanap Mesías na sangol,
ang Ciudad ñg Belen ay dinala roon.
Nasa Galilea ang bayan ñg Belen
ang bayan ñg Bele'y na sa Jerusalem,
ito'y siyang saysay ñg isip na dulíng,
ualang cahusayan paariarinquin.
Di hindi rin pala tunay na naligao,
sa quinapadpara'y doon nasunduán,
at hindi rin pala naligao ñg lugar
cahariang ibá ang quinapadparan.

Saysay sa Pesión Pag. 29.

Sa Belen cayo patuñgo
at hulihin yaong tatló
haring nagsidaan dito
cun uala'y cahit ang niño
siyang dalhin sa haráp co.
Nalis na't nagsipanao
soldados na inutusan
bayang Bele'y pinarunan
hahanaping pagpilitgn
ang sangól na bagong litao.

Ang Puná Sa laqui rao galit ñg haring Herodes
sa tatlóng sumambang hindi na nagbalic
ay agád nag-útos sa sundalong ganid
na ang tatlong hari'y dacping masigasig.
Ang sa tatlong yaong mabagsic na útos
na pauang pagdacpin ay hindi sinunód
ang pinagpilitang hinanap sinayod
ay ang niño Jesús sa párang at bundóc.

Siláng tatlóng hari'y lubós nalimutan ñg hari at nilang mga inutusan ito'y siyang labás ñg ulól na saysay pupuno at di na madulodulohan.

Saysay sa Pasón. Pag. 30.

Ang uica ñg haring lilo
ñgayon din ang hiñgi co
magsilabas ang soldado
lumibot sa boong reyno
lahat na nasasacop co.
Panhiquin ang mga bahay
na huag may malisan
sa aqui'y huag sumuay
ang sangol na masumpñgán
agad alisan ñg buhay.
Utos hari palibhasa
di sino ang susuay ñga
soldados agad gumala
at ang masumpuñgang bata
pinugutan alipala.

¶ Ang Puná

Ani Herodes dao, ngayon ang hiñgi co hiñgi lamang pala sa mga sundalo na mañgagsilibot sa boong sang reyno ang lahat ñg bata'y pugutan ñg úlo.

Mañga hari pala'y ganito ang ásal hiñgi cung mag-utos sa caual na tanan na may pabunto't pang huag magsisuay tila mga bata ang inuutusan.

Alin cayang hari cundi lubháng ulól ang macapag-utos sa lahat ñg sangól sa nasasacupan na caniyang campon na pauang pugutan ubusing malipol.

Hosted by Google

Mañga inutusa'y bago siya sundin
ay siya na muna pugútang unáhin,
¿anong magagauá ñg iisáng tacsíl
na uala isamang tatangól cacauíl?
Camag-anac niya at mga capatid
ay may mga anác at apóng mabait,
boóng caharia'y gayong ding may quilic
na caniláng batáng ipagmamasaquit.
Ang lacás ñg hari ay nasa sundalo,
alín ang sundalong ualáng anac apó
sa pinsa't capatid ang di sasaclolo
sa hari ay pauang babáyó ñg ulo.
Ang isang caual niyang may poot sa dibdib
súcat na sa haring pumugot ñg liig,
sa hari ay sino ang magmámasaquit
saan man mátuñgo'y mayroong tatabig.
Ganiyang liuanag ñg linalacaran
sucat ca Pasion na magcanliligao
sa gubat pa cayang landás balicaocao
ang mátutuhan mong lacaring mahusay.
Ang sa Belen lamang na lalaquing sangól
siyang iniutos na ipinaputol,
ang babae'y hindi; caya ñga Pasion
icahia mo na ang saysay paulól.
Huag mong sabihing: utos palibhasá
ñg hari ay sinong macasusuay ñga,
sinuay na siya ñg caual niang madlá
na sa tatlong hari pauang nagpabaya.
Mañga tatlong hari ay ipinag-utos
na pauang pagdacpin ay hindi sinunod
caya tahán ca na pasiong lubháng bulòc
ang caululán mo'y ñg hindi pásabog.

Hosted by Google

Saysay sa Pasión. Pag.

Ng̃ matanto't matatap
ni San Josef na mapalad
sa Virge'y agad nañg̃usap
at nagbiglang nagsilacad
casama rin ang Mesías.

Ang Puná. Sa Poong Sang Josef na ipinang̃usap sa mahal na Virgen ay nindi matatap at diñg̃a't na silang tambing pinalacad ay paano nating yao'y matalastas.

Sa uinica namang isinama rin dao nilang mag-asaua ang sangol na mahal bigay paunauang hindi casangcapan iyui ang sangól sa canilang bayan.

Mg̃a saysay itong paulól na lubhá na maiua't dili bigáy pahalatá ang mabunieng sangól bago'y boong sadiá siyang ibabalic sa canilang lupa.

Saysay sa Pasión. Pag. 35. Cundi mo iibahin
ang iyong pagcasuail
ay di ca cacatotohin
bagcús ca pang iiliñg̃in
ñg̃ Dios na Poon natin.

Ang Puná. Ang pagcasuail ay cung pagnanacao ay iyóng ibahin magtulisan naman cun ang dáting gaua'y mangharang sa daan ay ibahin nama't mangloob sa bahay.

Sa gagaling-galing alám na ñg̃ tauo ang dapat na gauin sapagca cristiano ay babaguhin pa nitong Pasiong lilo sa aral na lihis ay ipatutuñg̃o.

Alám na ñg̃ tauo na dapat lisanin ang gauang sucaban na pagsusuail

mg̃a ituturo ay pagiibahin
sa ibang masamá ay doon ipáling.

Saysay sa Pasion. Pag. 40.

Ano pa ng̃a't pagcarin̄gig
na si Jua'y napipiit
si Cristo'y agad nagtindig
sa paglalacad ay sumapit
sa itaás ng̃ Nazaret.
Maná ng̃a·y ang naisipan
sa Caparnaun pumanao
at doon siya tumahán;
¿Pagtaha'y paano naman
sa pinanauang lugar?
Sa malapit na ang sabi
itong macapangyayari,
bati ni Jua'y gayarí
uica'y: ecce Agnus Dei
qui tollis pecata mundi.

Ang Puná. Anopa't si Juan ng̃ aniyong marinig
ni Jesús na pinsang siya'y napipiit,
lumayó si Jesús na baca idauit
ipaquibilangong biguian ng̃ pasaquit.
Doon sa Nazaret na dacong itaás
ay siya'y tumun̄go sa laquing pag-ilag
ang lugar na yao'y di pa minatapat
sa Caparnaun pa ay doon lumipat.
Nang malapit na rao si Jesús na Poon
sa pagtataguang bayang Caparnaun,
binati ni Juan na sumasalubong
uicang Agnus Dei qui tollis pecatum.
Ito'y maliuanag na saysay hilacó
sabi'y si S. Juan ay nabibilangó

Hosted by Google

at sa Caparnaun ay doon nabungò
niyaong nagtatagong Jesús na lumayó.

Saysay sa Pasion. Pag. 40.

Nang si Jesús ay umalis
at umui sa Nazaret
yaon namang si Andres
tanang casama'y inaquit
sumunod sa Poong ibig.
Ngũni't yaong casama
ani Andres cun sino siya,
uica ñg ibang bihasa
yaon dao ay hindi iba
cundi Juan evangelista.
Ang dalaua'y nagsisunod
doon sa bahay ni Jesùs,
ñg sila'y mapanood
ñg Vírgen Inang tibobos
toua'y di matapostapos

Ang Puná.

Hindi matapos ang tuá
at sila'y nagca alilá
ay bago'y mag-ináng duc-hé;
ito'y siyang pahalatá
nitong Pasiong hindi tamá
na nag bubulaán ñg uicá.

Ang Puná. Laquing camalian nitong pagcasulit, ang tanáng sama rao niyóng si Andres ay caniyang lahát na pauang inaquit na mañgag si sunód cay Jesus na ibig. At ualáng sumunod liban na sa isá na hindi pa naman niya caquilala; di palá quilalá ang Evangelista caya pinag-uaring sini sino nia.

Digitized by Google

Ang bihasa ñgayon na mga doctores
ang nacáquilala at hindi si Andres
ang di nacaquita'y siyang nacabatid
at hindi si Andres casámang calilip.
Sa lahat ñg ito'y halatang halata
ang mga pamali na pagcasalita
ang di macápansin ay sino pa caya
cundi ang caparis bulág na camucha.

Saysay sa Pasión Pag. 41.

Cun ibig mong maquilala
sa aquin ay sumama ca
ay agád náquita
ni Jesus ay binati na
si Felipeng nagbabadia.
Ang isinagót ni Cristo
na ang uinica'y ganito
aniya'y tingnan ninyo
ang Israelitang tauo
sa aqui'y napariríto.
Si Natanael ay nagbadia
maestro'y saan aniya
acoy iyong naquilala?
Sagot. Dami ritong pinagsañgá
na cahoy na ibá ibá.

Ang Funá. Dito'y may Felipeng binatí si Jesus,
Jesus na bumati ay siyang sumagót,
at may Natanael na dito'y nasangcot;
cayo ñg may dunong bahalang mag-ayos.

Saysay sa Pasión. Pag. 44.

Ang madlang liñgid na sala
ñg abáng Samaritana
agád ipinaquilála

ni Jesus na Poong Ama
pinagsisiháng talagá.

Ang Puná. Talagá na palá na pagsisisihan
ñg Samaritana sála niyang tanán
ay baquit pa caya si Jesus nagpagál
na nagpaquilala laquing camalian.

Saysay sa Pasión. Pag. 50. Tinangnán na ñga sa camáy
ang nábuburol na bangcay —
at tinauag capagcuan
si Jesus ñg mapaquingan
capagdáca ay nabúhay.

Ang Puná. Tinauag ni Jesús ang sa batang bangcay
nacarinig muna at saca nabúhay
ang tainga pala'y hindi namamatay
di itó ay isang paligao na saysay.

Saysay sa Pasión Pag. 55. Nang marinig ang ganito
niyong tatlong dicipulo
naguitlahanang totoo
nápasubasob nanglomó
ñg panonood cay Cristo.

Ang Puná. Sa napag didinig na tinigig ñg Dios
ang tatlong apóstol caya nasubásob
at ibáng dahilan ulíng isinunod
sa cay Jesús na rao na pagcapanood
Mañga panonood sa Poong cay Cristo
ay maca-aalio ligayang totoo
yumayang gumaua ñg bahay na tatlo
at sasabihin mong macapanglolomo.
Macapanglolomo't macaquiquilabot
ang tinigig ñg Dios sa munting ibugnos

Hosted by Google

na para ñg dacpin ang Poong si Jesús
na isáng Ego sum sa judio'y naglugmoc.
At si Jesús noo y nagcusang gumamit
tiñgig pagca Dios na ipinarinig
ipinaquilala lacás niya't bagsic
paquilala namáng paraquip ay ibig.
Ang sa pagca tauong mga tiñgig niya
sampóng pagca tao'y macaliligaya
sa tanang payapang mga caloloua
na may mga taglay loob na maganda.
Pagca tauo niya'y capag-napanood
na may lualhati na calugodlugod,
caya ñga si Pedro'y nagibig sa bundoc
na doon tumaha't manood cay Jesús.
At sasabihin mong macapanglolomo
mga panonood sa Poong cay Cristo
caya tahan ca na Pasióng lubhang lító,
pagsasalita mo'y baho'y sisilacbo.

Saysay sa Pasion. Pag. 56.

Tugong yao'y ñg maquita
ni Jesús ay alipala
nuling sumulat sa lupa.

Ang Puná.

Bucod sa di tula itong pagcauica
na uala sa lugar at hilacong lubha
ay itong «maquita» ay catoua touang
bigcasin sadia ñg isang manunula.
Mañga tugón caya y maputi't mapula
verde ó maitim at nañgaquiquita
ang tugon ay dinig ñg mga tañga
na hindi mangyaring maquita ñg matá.

Saysay sa Pasion. Pag. 56.

Sinong tauo caya naman
ang ualang sala muntiman
caya ñga't ang mga hunghang

nagsipanao capagcuan
at ang babae'y iniuan.
Camaliang sabi na ang munting sala
na pauang mayroon ang tauong lahat na
ay icahía pang icacutía baga
ñg hindi man Judio't hindi palamara.
Ang salang malaqui cun mayroon paua
na nagcacaalam ay di icahia
at sa salang munti Judio'y mañgacutía
ay lubhang malinao lihis na salita.
¿Sinong magnanacao ang nahia baga
sa capua niyang alam na capara
at sa salang munting alam ñg lahat na
na pauang mayroo'y icagihihia pa?

Saysay sa Pasion. Pag. 59.

Anang Poong maauain
atin aniyang dalauin
si Lazarong aquing guilio
siya'y aquing pupucauin
sa pagtulog na mahimbing.
Nagsisagot capagcuan
ang apostoles na tanan
cun yaon po'y tulog lamang
macaligtas caya naman
sa saquit na dinaramdam:

Ang Puná.

Ang sa apóstoles na bigay na tugon
ay sinong may isip ang macauucol
cun saan hinañgo ang tugong balatong
bahalang magbalac ang may mga dunong.

Saysay sa Pasión. Pag. 67.

Ang tanang mga bihasa
marurunong na lahat na
para parang nañgagbadia

di umano'y sinaquian na
ni Jesus yaong Jumenta.

Isa mang bihasa'y ualang nacaquita
sumacay si Jesus sa isang Jumenta
caya sinasacsi ñg masabi baga
na itong guinoo'y maraming nabasa
Balita ni Tubal ang siyang caparis.
sa aquin aniya'y sinabi't nabatid
ñg tanang guinoong nañgagsisidinig
na si amba Piro dito'y nag jujues.
Mañga pag huhues uala mang halaga
gaya ñg pagsacay sa isang Jumenta
nagcacahalaga dahil sa bihasa
at sa naquiquinig na ipinagbadia.
Ang ibig ni Tubal siya'y mabalita
mga caguinoohan ay casalamuha;
magpapasión naman gayon din ang gaua
napag basá niya ang bihasang madla.

Sayaay sa Pasión. Pag. 69.

Ang tauo hangang mayaman
marami ang caibigan
cun maghirap na ang buhay
cahit masumpong sa raan
di na bati't titigan.
Gayon ñgani itong mundo
magdarayang ualang toto
pauang lihis na totoo
pañgimbulo'y nananalo
sa calulua ñg tauo.
Tingni ang Poong si Jesus
niyong domingo de Ramos
marami ang sumusunod

ñguni't ualang isang loob
na naganyaya't naghandog.

Ang Puná. Icao at ama mo sampong canunuan
ay uala pa cayong naquita isa man
mayamang maraming mga caibigan
at naghirap buhay na di tinitigan.

Ang pagiibiga'y nasa caugali
casing isang lagay, casing isang úri
casing isa namang mga pag-aari
sa baga'y bihirang tauong masalapi.

Caya bihira ring maguing caibigan
at bihira silang magcapua yaman
lalo pang bihirang masundo-sunduán
sa mag cacapua'y isang calooban.

Caya itahan na saysay mong tabiñgi
mga camaliang pinagtali tali
bihirang bihirang hindi ca mamali
sa dinalas dalas ñg mangmang mong lahi.

Capag ualang tauong bumati sino man
sa naghirap buhay ay tandang malinao
na siya ay ualang naguing caibigan
ñg capanahunang siya ay mayaman.

Cun maghirap na rao ang mayamang tauo
ay di na batiin ñg mga amigo
gayon ñga rao itong palacad ñg mundo
siyang nananaig ang pañgiñgimbulo.

Pañgimbulo pala ang umuurali
caya sa naghirap ayao na bumati
sa naghirap buhay ay nananaghili
hindi na titigan cahit macapingqui

Caulol ululang mga pagsasaysay
paghihirap buhay ay pañgimbuluhan

caya di batiin nang naghirap buhay
ang pañgiñgimbulo'y siyang humahadlang.
Ang Poong si Cristo ay inihalintulad
sa tauong mayaman at saca naghirap
ñg dapit umaga'y inibig ñg lahat
na tila mayaman at noo'y mapilac.
Ng mag dapit hapo'y siya'y pinag-iuan
ualang nag anyaya't naghirap ang buhay
anong pagcalayo nitong pagsasaysay
maghalimbaua pa'y mga caululan.
Ang buhay ni Cristo mula ñg umaga
hangang sa mahapon ay hindi nag iba,
may ibang dahilan ang di pag anyaya
hindi sa naghirap luminis ang boha.
Icao ang may sabing tauo'y binaualan
huag mag anyaya cay Jesus na mahal,
sa halimbaua mo'y caya pinag iuan
ay di na mayama't naghirap ang buhay.

Saysay sa Pasión. Pag. 76.

Na cun mangyayari lamang
búcas huag ñg maliban
ó cun dili caya naman
ay sa icalauang arao
agad ninyong ipapatay

Ang Puná. Hinguil sa cay Jesús cay Judas na bilin ay huag dao bucas na maliban dacpin cun hindi maraquip ay siya'y patain icalauang arao huag pasalahin.

Siyang papatain icalauang arao
ang hindi maraquip sa quinabucasan,
cun hindi maraquip sa cailan paman
icalauang arao siyang ipapatay.

Saysay sa Pasión. Pag. 76.

Pinañgacuang bibiguian
tatlong puong salapi lamang
canilang pinagsulatan
tuloy pinanumpaanan
yaong gauang caliluhan.

Tuang ualang macapara
ni Judas na palamara
ang salapi ñg maquita
ay isinilid sa bulsa
at ininñgat inñgatan na.

Nanaog na capagcuan
ang alibughang matacao
at nagtuloy sa bahay
loob ay di mapalagay
at ang budhi salauahan.

Ang Puná. Ang pañgacong ito ay catacataca pañgacong bibiguian ay isinabulsa, di pa nabibiga ay naibigay na, malaqui ang touang ualang macapara.

Ualang macapara ang toua ni Judas at may toua bagang ualang macatulad, cun salauahan di't ang puso'y may sindac hindi mapalagay aala-alapaap.

Hindi mapalagay ang puso'y may hapis dahilan sa yaring caculañgang bait touang daraquila ay saan sisiñgit cun may salauahan ang budhi at dibdib

Saysay sa Pasión. Pag. 77.

Tumiuasay na ang budhi
loob nitong Inang pili
parati ñg sumasanhi

ñguni't hindi napapaui
ang lubos niyang pighati

Ang Puná. Ano baga Pasión camunti man lamang di ca nagcaroon ñg sabing mahusay ay paano cayang budhi tumiuasay ñg di napauian ñg hapis at lumbay.

Budhi tumiuasay pighati'y napaui ñguni't di napaui ang daláng pighati, ito'y ang sa pasiong pinagtalitali pinagcatnig-catnig ñg isip tabiñgi.

Saysay sa Pasión. Pag. 82.

Ng una'y caugalian
niyong tauong calahatan
taón taó'y nagpipisan
boong sang cajudisan
sa Jerusalem na bayan.

Ang Puná. Alin alin silang tauong calahatan, alin naman silang boong cahudiosan ang caugaliang pinagpipisanan balang taón taó't saan saan naman.?

Tauong calahatan castila't tagalog sampong mga insic at ita sa bundoc saan napipisan na nagcacabilog tuing taón taón sa ugali sunod.

Saysay sa Pasión. Pag. 88.

Ng dumating sila naman
Oliveteng cabunducan
na di malayo sa bayan,
doon muna nagtumahan
hangang lumubog ang arao.

Pag. 84.

Nang lulubog na ang arao
ay itong Poong maalam
niyacag ang tanang caual

at pumasoc capagcuan
sa Jerusalem na bayan.

Ang Puná. Sasa Olivete ang Poong si Jesus.
hangang sa gumabi't arao ay lumubog
at bago lumubog si Jesus ay nasoc
sa Jerusalem dao sampong tanang irog.
Sasa Olivete hangang sa dumilim
at bago dumilim na sa Jerusalem,
ito'y siyang buñga ñg isip na balio
na salitang maling paariarinquin.

Saysoy sa Pasión. Pag. 84.

Nang dumating na si Jesus
doon sa bahay ni Marcos
binati niyang tibobos
ñg boong galang na pospos
ang catoto niya at irog.

Ang Puná. Sa nanauagan sa gabi ñg auit
ang Poong si Jesús doon iniuañgis,
ang puspus na galang ang agad guinamit
bigay sa may bahay na nagtulot manhic.
Ay paano namang igalang na puspus
ay ang tinauagan na catotong Marcos,
ay siya ñgang dapat magbigay cay Jesús
ñg puspos na galang at Maestrong irog.

Saysay sa Pasion. Pag 86.

Di co yata mababata
Pañginoon co at Ama
na hugasan cong maquita
yaring mahalay cong paa
duming ualang macapara.

Ang Puná. Cun hindi ñga lamang na paang mahalay,
dumidumihan ma'y may capara lamang,

ay mababata rin na pahuhugasan pagtangui hindi na ipagtitindigan.

Saysay sa Pasion. Pag. 88.

Saca niya binuluñgan
niyong mga uicang mahal
itong tañgan cong tinapay
ay siya co ñgang catauan
cacaning icabubuhay.

Ang Puná. Ang bulong na ito'y siyang consagracion ualang nacunsagra sa ganitong bulong, ang tinapay sana'y huag idinugtong cun hindi ang tañgan na ano man yaon.

Ang pareng bubulong ñg ganitong saysay mga pagmimisa ay dapat baualan sapagca't di tama ang pagcoconsagrar at hindi catauan ang tañgang tinapay.

Ito'y paraanin at consagrar ulól, anong malay caya ñg isang follador sa bagay na ito na mga pagbulong ito ay sa pare na sariling tungcol.

Saysay sa Pasion. Pag. 92.

At hindi ipinagcait
sa banal man at malupit
at ñg doon mapag-isip
ang lubos niyang pag-ibig
sa mgà tauong bulsic.

Aug Puná. Ipinagcacait sa may salang mortal cay Jesus na Poong mahal na catauan cun ang calupitan ay hayag sa tanan ang hindi magcait ay ministrong hunghang

Caya ang may sala na tauong malupit huag nang pasubo't bagcos na mag-isip na cun masubua'y bubughan ñg galit doon matatantong hindi siya ibig.

Hosted by Google

Saysay sa Pasion. Pag. 95.

Nang maipañgusap yaon
ni Jesús na Pañginoon
lumayo at naparoon
sa di maabot ñg pucol
lumuhod at nag oración
Ay ano'y ñg maganap na
ang pananalañgin niya
nagtindig capagcaraca.
hinanap niya't quinita
ang tatlo niyang casama.

Ang Puná. ¿Ano't hahanapin ano't quiquitain ang pinag-iuana'y alam na magaling? carampatan sana'y tatlo niyang guilio pagbalican lamang na tuñgotuñguhin.

Saysay sa Pasion. Pag. 96.

At itong dala cong caliz
ay iinuman mong pilit
ñg apdong sacdal ñg pait
na ipararayang tiquis
ñg tauong lilo't balauis.

Ang Puná. Ang orasang na sa dulo ng Pasion ay itong sabi: sa á las once pinagtibay ang loob ni Jesús ñg Angel, hindi pinarupoc na linumbay, dinulutan ñg caliz.

Ang Puná. Anong calis yaong di ca totohanan hain dao ñg angel cay Jesus na mahal yao'y iinuming capilit-pilitan lalong dinagdagan cay Jesús na lumbay.

Ang mga orasang iyong idinugtong na pinagcuha mo sa gauang marunong idinulo dulo sa ligáo mong Pasion. ay doon halata saysay mong balatong.

Ica labing isa sabi'y pinatibay
si Jesús ñg Angel inalio sa lumbay
saca isang caliz iyong iniyalay
sinira ang loob lumbay dinagdagan.
Inalio si Jesús ñg lumacas baga.
tumibay ang loob may dalang pañgamba
ito ang sa Angel sinadiang talaga
hindi ang manghapis gauang palamara.
Ipinapara mo ang gaua ñg Angel
sa mga isip mo'y lihis cang magturing
cun icao'y may dunong sucat mong cathain
pang ligao na aral cung saan nang-galing.

Saysay sa Pasion. Pag. 97.

Cun si Jesús Nazàreno
balitang bañgis na tauo
upan dapat ang ganito,
ang ipagsamang soldado
at ñg hindi macatacbo.

Ang Puná.

Cun tauong mabañgis yaong Nazareno
at di carampatang nagdaming sundalo
maguing tagaharang ñg dí macatacbo
at ualang tatacbong mabañgis na tauo.
Ang taong matapang balitang mabañgis
ay agad haharap lalabang matalic,
ang mga pagtacbo'y hindi iniisip,
cun hindi ang siya'y mamatay sa tindig.
Caya ñgani Pasion bago ca mañgusap
ay isipin múna ang mga calapat,
huag tila tungcod ñg matandang bulag
mga duming baboy siyang sinasacsac.

Saysay sa Pasion. Pag. 98.

Datapua't ang hiñgi co
at iniyoola sa inyo
ang aking dicipulo

na aquing casama rito
huag anhin at acá co.
Ang Puná. Inaaco niya caya huag anhin.
¿at sinong aacong tauong bibitain?
¿ang magpapaaco'y sino nama't alin
sa culang ibayad ang buhay na angqnin?
Libo man ang buhay ñg Poong si Cristo
ay culang ibayad sa galit ñg lilo
at paaacuin nitong Pasiong ito,
si Cristo at Judio'y capua niluco·
Silang dicipulo'y halimbaua't uala
sa loob ñg Judiong sucaba't cuhila
ang pag-aco'y siyang magpapañganiayaya
ipaquiquiraquip ang hindi binanta.
Parang itinurong may mga casama
na nañgalalayong hindi naquiquita
doon sa uinicang inaaco niya
si Jesus ay tila ibig na magbaua.
Mañga dicipulo'y ibig mga ramay
sa pag-acó niyang ipinagsasaysay
inaco'y pang-punó sa buhay na culang
na ipamayad ñga sa galit ñg hunghang.
Daracpin ñga sana sampong dicipulo
at siyang ugali cun dacpin ang ulo,
ñguni't binaualan ni Cristo ang Judio
uica ay sinite pabayaan ninyo
Ito ay matinding mga pag-uutos
at sinong susuay sa Poong cay Jesus
may macaiimic sa mundong mabilog
na di mapilitang susunod sa Dios.
Ito'y pag-uutos at hindi pag-acó
na para ñg iyong maling napagbucó

Digitized by Google

di sucat pagtachan ang isip malabo
siyang caraniuang mapagbabalaho.
Inibig ni Jesus ang siya'y maraquip
casamahang cauai ay hindi inibig
dito ay halata cay Jesus na bagsic
sa loob ñg Judio y nagpapatahimic.
Isa man sa Judio'y ualang nag-acala
sumungab dumaquip sa catotong madla
nalaon si Pedrong cahambuhambula
ay hindi sinalang cahima't nanaga.
Dito ay halatang hindi si San Juan
may cumot na dalang pinagsungabanan
at silang apostol ay di masasalang
nilang mga Judio't sila'y binaualan.

Saysay sa Pasión. Pag 107.

At dating natatanto mo
ang aquing aua sa tauo
at icao pa baga Pedro
ang hindi caauaan co
cun tumauad cang totoo.

Ang Punó.

Itahan mo Pasion ang di tamang sabi
sa Poong cay Jesus ay pagsirang puri,
na tila si Jesus may sinasarili
Pedrong natatañging iba ang pagcasi.
Cay Jesus na Poon ay iisang lahat
pareho ang tiñgin cay Pedro't cay Judas,
minamahal niya ang nagsisitupad
sa loob ñg Dios ama niyang liag.

Saysay sa Pasión. Pag. 110

Nang ito ay maisagot
nitong ating Poong Dios
isang Judio ay napuot
sa casucalan ñg loob
tinampal niya si Jesus.

Hosted by Google

Niyong matampal si Cristo
ñg malupit na si Malco
sa cagalitang totoo
nañgusap pa itong lilo
aniya ay ulol na tauo.
Sa mga inaasal ñgani
nitong malupit na budhí
diman siya casanguni
nagcagalitan cunuari
nanampal di nañgimi.

Ang Puná. Sa casucalan dao ñg loob ni Malco ay agad nanampal sa Poong cay Cristo at nacagalitang totoong totoo uicang idinugtong ay ulol na tauo.

Uling saysay naman cay Malcong inasal ay nagpacunuaring nag-galit-galitan cahiman at siya'y di caalam alam ay tambing nañgahas cay Jesus nanampal.

Tinampal si Cristo ñg sucab na Malco sa sucal ñg loob galit na totoo ualang galit-galit tinampal si Cristo pacunuaring galit ang pinasilacbo.

Naquita na rito ang saysay di-ucul sa tuing Cuaresma'y ipinalalamon sa mga aliping namamañginoon sa capua mangmang ñg ligao na Pasion.

Saysay sa Pasion. Pag. 111. Ano't hindi ca tumugon
at ñgayo'y makipagtutol
sigao ñg sala mo ñgayon
sa aba mo tauong buhong
cung totoo itong snmbong.

Digitized by Google

Ang Puná. Sa ipinauica dito sa cay Caifas
ay tila si Jesús ay macaliligtas
cun baga at hindi totoong lumabas
ang lahat na sumbong na ibinubuhat.
Ang lilong si Caifas ay huag mo Pasion
na papañgusapin ñg mga paulol
yaring papatain si Jesús na Poon
totoo ma't hindi dilang mga sumbong.

Saysay sa Pasion. Pag. 115.

Ito ay bili at bayad
sa dugo ñg Dios Anac
caya ñgayon ay ang dapat
ating isiping banayad
cun anong gagauin dapat

Ang Puná. An mga Escriva't fariseong pusong
ay caylan caya mag uica sa Poon,
siya'y Dios anac, dañgan itong Pasion
ay isang malinao na malaquing ulol.

Saysay sa Pasion. Pag. 126.

Sapagcat ñg huling daco
nagtatanimang totoo
si Herodes ni Pilato
ang pinagbatian nito
ang pagcamatay ni Cristo.

Pilato't Herodes ay may taniman dao
noong huling daco, dacong huling arao,
dacong unang arao sila'y nagbatian,
nagbatian muna saca nagtaniman.

Saysay sa Pasion. Pag. 130.

Laqui bagang camurahan
ni Cristo't iniyong paghalay
pinag singpantay singaan,
sa isang hunghang na hunghang
tauong sadiang calupitan.

Ang Puná. Laquing paghihirap nitong pagtntulá
nagca ñgiui ñgiui ang pagcasalita,
dalaua catauo'y pinapagtatama
tatlo ang lumitao na nagticaticá.
Si Cristo't Barabas sasabihin lamang
ang dalauang ito'y ang pinagsinpantay,
icatlong napuslit ang hunghang na hunghang,
na pinagpantayan ñg magcasingaan.
Cun magcasingaan sala ñg dalaua,
baquit camatayan ang iparurusa
sa magcasing bigat ay doon cucuha
ñg dapat paualan sa arao ñg Pascua.

Saysay sa Pasión. Pág. 133. At ang iyong cabaitan
dunong sa anomang bagay
sa iyo ay pinacamtam
ñg siya'y ibiguin lamang
bagcos mong nilalabanan.

Ang Puná. Cabaita't dunong ay aco'y biniguián
ñg icaquilala sa Dios na tunay,
na dapat ibiguin suyui't igalang.
at hindi ang Dios ñg ibiguin lamang.
Ang loob ay siyang bigay na pang-ibig
at di ang sabi mong carununga't bait,
caya camalian ang lahat mong sulit
ang mga potencia'y di mo pala batid.

Saysay sa Pasión. Pag. 133. Ang cagandahan at buti
ñg catauan mong malicsi
ñg isinta mong parati,
bagcos ipinagmalaqui
sa Dios na Poong casi.

Ang Puná. Ang hindi biniguian ng buti at ganda
licsi ñg catauan, ay di uala sila

Hosted by Google

isinta sa Dios mairog na 'Ama
ay caaua-auang pañgit sa lahat na.

¡Ay caaua auang ualang licsi't sigla
sa Dios ay culang ñg sucat isinta,
ualang daan cayong magcamit ligaya
ito'y ang sa Pasiong lihis na panata.

Licsi ñg catauan ang ganda at galing
ay hindi pangsinta't siyang sisintahin,
na para ñg mata na siyang pangtiñgin
hindi tungcol niya'y ang panonoorin.

Saysay sa Pasión. Pag. 133.

Lisan ang gauang tamad
ñg catauan mong macuyad
mag masicap canang agad
ñg mabuting gauang lahat
at cay Jesus ca tumulad
Hinampas ñg ualang toto
nag bata't tiniis dito

Ang Puná.

Bathin at tiisin ualang totong hampas,
ito baga'y gaua ñg tauong masipag,
bagcos gauang tamad ñg mga macuyad
na hindi masicang catauа'y ipalag.

Hinampas si Jesus hampas ualang toto
ito'y casipagan ñg mga verdugo
may sipag si Jesus ñg paquita rito
na sucat tularan ñg lahat ñg tauo.

Saysay sa Pasón. Pag. 139.

Ay aba baquin ca tauo
uala ñg di paglililo
cun parusahan ca rito
ñg pinagcunpisalan mo
di talimahing totoo.

Hosted by Google

Nang si Jesus ay hatulan
guinaua ring di naliban
sa loob ñg isang arao
ito'y tiquis na pag-aral
ñg gagarin mo't parahan.

Ang Puna. Ang Poong si Jesus ay ng hatulan dao hatol ay guinaua sa maghapong arao, ito rao ay tiquis sa tauo'y pag-aral at ñg gagarin ñga huara't parahan.

Paghatol cay Jesus sa loob maghapon
ay gauang di tamang pusong na paghatol,
cun ito'y aral sa tauo'y patunton
ang balang pumara'y lubhang tauong ulol.

Sucat maisipang ipañgaral ito
lubhang maliuanag na uicang di toto,
siya rao tularan ñg sino mang tauo
sa Pasio'y marapat sa apo'y isugbo.

Ang ibig sabihin ñg Pasiong balatong
ay ang hinatulan ñg Padre Confesor
ñguni at paanong ito'y mauucol
sa pinarusahan ñg pamaling hatol.

Hatol ñg Confesor ay di pa ganito
para ñg paghatol ni Poncio Pilato,
sucat pag parisin nitong Pasiong ito
ang hatol na banal at hatol na lilo.

Sa Padre Confesor na bigay parusa
pinarurusaha'y siyang tatalima
si Jesus ay hindi't quinaladcad siya
ang nagsitalima'y Judiong palamara.

Hatol ay marinig ñg Poong si Jesus
ay nag-isa bagang umahon sa bundoc

pumacong mag-isa sa pinasang Cruz
siya ring mag-isa sa paco'y pumucpoc.
Ang saysay na ito sampong halimbaua
ay macahahapdi ñg mga sicmura,
ang aral na ito'y sucat baga caya
na ipagluluhod tiricang candila.
Dami ñg inulól pinaluhodluhod,
daming inalipin nitong Pasiong buctot
jay caaua auang bulag na tagalog
cun sa maling aral mabuyong sumunod.

Saysay sa Pasión Pag. 141.

Ito'y siyang catuiran
at utos na catampatan
ñg banal na hncuman
ni Pilatong punong bayan
dito cay Jesus na banal.
Ang pabunñe nitong lilo
hari siya ñg Judio,
bago'y ulol palang tauo,
palamara't ualang apdo
balang gaua'y dili toto

Ang Puná.

Ang tubig at apo'y ay pinapagsama
ñg Pasiong ito sa tapayang isa,
ualang apdo't banal tubig ang capara,
apo'y naman itong lilo't palamara
Anopa't si Cristo ay banal at lilo
at palamara pa ang Poong si Cristo,
hindi palamara't siya'y ualang apdo,
ang may apdo lamang palamarang tauo.
Naquita na rito ang sa Pasiong saysay
na mga paligao at papilaypilay,
paghacbang ñg munti agad mahahapay
saca mañgañgahas sa iba'y umacay.

Saysay sa Pasion. Pag. 145.

Magdalita ang ina co
aco'y silayang mata mo
ñg guminhauang totoo
yaring madlang dalita co
cun maharap na sa iyo.
¡Oh Inang quinabugsuan
ñg malaquing casaquitan
cun quita ay natitingnan
ay lalong nauululan
yaring aquing cahirapan.

Ang Puná. Ang Ina'y inibig maquita ñg una at sa cahirapa'y magbibigay guinhaua, ñguni't ñg maquita ay lalong nagdusa at naululan pa ang hirap na dala.

Cahit na ululan ang hirap ñg anac, cahima't sa Ina'y ipinatalastas, ang Ina'y cailan umalis sa harap ay cusang sa anac magbibigay hirap.

Mag Ina ay cusang pinapag sasabong ñg cumatha nitong pacatuang Pasion, ibig iparinig ang cathang panagho y na pagsasagutan ñg mag Inang Poon.

Saysay sa Pasión. Pag. 148.

Mahapdi't lubhang masaclap
di co man icapañguap
tinipid co namang lahat,
cahit siyang icaauas
puso cong tiguib ñg hirap.

Ang Puná. Casimunggalinggang nagtípid ang Vrgen na hindi nañgusap na nagpacahinhin, bago'y di napatid ang mga pagdaing naguing Virgeng baga na patabiltabil.

Hosted by Google

Saysay sa Pasión. Pag. 148.

Cun aco'y iyong titigan
niyong mata mong malinao
puso co ay nasasactan
na aco'y di mo tulutan
na humaliling magpasan.

Ang Puná. ¿Ay anong dahilat puso'y nasasactan
di baga titigan ñg matang malinao?
¿ó sa pagpapasan ay hindi halinhan?
dalauang dahilang hindi maalaman.

Paanong lilinao matang napapagal
hindi maititig at nalalabuan
cahit pahalinhin sa mga pagpasan
Judio'y hindi ulól na sila'y tulutan.

Caya ang daiñgan ay iyong itiguil
huag mong biruin ang mag-Inang Virgen
na magpananñgisang papagsagutanin
sa gaua gaua mong di totoong lining

Mahinhin ang Vrige't marunong magtimpi
hindi ualang galang, ualang pasintabi
sa Justiciang varas ay humaui haui
pauang cabaitan asal niya't budhi.

Pauang catampatan ang sa Virgeng gaua
at alam ñg Virgeng siya'y alipusta
pagtatampalanan ñg Judiong cuhila
cung ang anac niya'y duluguin sa guitna.

Bibitaing tauong dala ñg Justicia
ay malalapitan ñg asaua't Ina
sa mga paglacad siyang cantala
hihinting matapos panaghuyan nila.

Saysay sa Pasión Pag. 150.

Hapis na ualang caucol
ang lahat ay nanaghoy
ñguni't itong ating Poon

Hosted by Google

nagmamasid cun mayroon
isang maauang tumulong.

Ang Puná. Sabing di totoo lahat ay nanaghoy
¿caylan managhoy tanang Judiong pusong?
¿at cailan naman si Jesus na Poon
nagpapacahirap ay maghintay tulong.?

Saysay sa Pasión. Pag. 153.

Alin mang sandata rito
di lubhang macaano
ang camatayang totoo
siyang pupucsa sa tauo
Papa ma't Haring guinoo.

Ang Puná. Lalo ñg lumalac itong camalian
ay huag ñg sundang isang tari lamang,
cun ano ang gauin nila camatayan
gagauin ñg taring ualang labis culang.
Isang tari lamang icarit sa liig
ñg lahat ñg tauo cun ualang masapit
capag di inanong mapucsang manuid
sinuñgaling namang sa Pasiong cauañgis.
Sila camataya'y macaano baga
taga sahod lamang sa gaua ñg iba,
pinucsa ni saquit at nila sandata
siyang tatangapin cacatotohin niya

Saysay sa Pasion. Pag. 185.

At ñg lalong maghirap
ang matiising Mesias
ay canilang idinagdag
doon sa mira at alac
ang apdong lubhang masaclap.
Ñguni't ipinainom man
niyong mga tampalasan
di rin u'minom munti man

at ñg malubos na tunay
ang caniyang cahirapan.

Ang Puná. Ang Poong si Cristo'y ng lalong maghirap ay apdong masaclap siyang idinagdag sa ipaiinom na mira at alac ito'y ang sa Pasiong bigay patalastas.

Ngunit di rao naman ininom ni Jesus ng lalo rin namang maghirap na lubos bahalang maghalac ang may mga loob sa saysay na itong camal ang bucod.

Ipinainum dao ng lalong maghirap, ng lalong maghirap ay hindi tinangap, itong Pasión lamang maalam mangusap ng mga pamaling pabalibaligtad

Saysay sa Pasion. Pag. 166.
Na ang caniang uinica
tantong ito'y Dios nga
caya nga't maganda ang nasa
sa nagpaco't nanganyaya
ang ganti ay pagpapala.

Ang Puna. Ualang naguing Santong di ganitong nasa ang ganti maganda sa nanganganyaya, di sa iyo Pasión tanang Santong madla ay tinuturan mong Dios silang paua

Saysay sa Pasión. Pag. 166.
Mahanga'y aco'y dumaing
siya'y aquing dalanginin
upang aco'y patauarin
ng sala co't gauang linsil
yayang siya'y maauain.

Ang Puná. Siya'y dalanginin ay hilacong uica dalanginan sana'y siyang natatama, upan ay gayon ding sa paghinging aua ay di carampatang ipaquihambula.

Sa paghiñging tauad ang ibig ñg Dios
ay paasang lubos buuin ang loob
at pilit cacamtan hiñgi masusunod
huag mag-upan di't ang aua'y uudlot.

Saysay sa Pasión. Pag. 166.

Hunghang ca ñga't ualang toto
at mapagpalalong tauo
sa pañginoon mong ito
bago'y malupit cang tauo
ualang halagang gaano.
Cun gayon ang iyong tica
tantong nagcacamali ca

Ang Puná.

(Icao ñga'y ang una una
sa iyo'y tica pa palá
ang mga guinagaua na).

Ang Puna.

Palalo at hunghang malupit pang asal
mga tatlong ito'y iisa ang culay
pauang masasamang dapat magcapisan
ay pinagbucod pa't binago pa naman.
Na tila mabuti hunghang at palalo
malupit ay siyang asal na hilaco
caya ñga't binago tinuid ang lico
pinag ibang culay ang lagay at anyó.
Ang pagpapalalo't gauang paghuhunghang
sampong pagiulupit ay tica rao lamang
dito'y pag-uariin ang sa Pasiong saysay
cung dapat iluhod ang lihis na aral

Saysay sa Pasión. Pag. 166.

Sa iyo ay isinangcap
ang caramdama't potencias
catauan mo ay malacas
ñg ibiguin ca ñg lahat
¿ano't sa hayop tumulad?

Digitized by Google

Ang Puná. Máy potencia aco lacas caramdaman,
uica mo'y ñg aco'y ibiguin ñg tanan,
ang hindi umibig sa aquin sino man
siya mong itulad sa hayop na tanan.
Aco'y sinangcapan lacas at Potencia
ñg aco'y ibiguin ñg tauong lahat na,
ang hindi umibig ay siyang may sala
ano't aco'y iyong sa hayop ipara.
Uinica mo sana'y cundi sinangcapan
ñg lacas ang tauo't mga caramdaman
ay ualang dungulan at mga suntucan
cundi sila'y bagcos na mag-iibigan.
Tanang ualang damdam na bato at cahoy
cahit magdaganan magcapatongpatong,
ay ualang tulacan at ualang aaroy
na nag-iibigang lubhang mahinahon.
Caya mabuti pang hindi sinangcapan
acó ñg potencia, lacas, caramdaman,
bagcos iibiguin ñg sangcatauhan
pagcat ualang quibo acó ay anhin man.
Caya baligtarin ang pagca pañgusap
uinica mo sana'y mga isinangcap
sa iyong catauan ang potencia't lacás
ñg may ipanglaban sa lahat ñg oras.
Tanang nagsibucal sa lihis na haca
sa Pasiong marunñgis siyang inilagda
ang aral na ito'y sucat baga caya
na ipagluluhod tiricang candila.
Tauo'y sinangcapan ñg mga potencia
ñg may ipagsilbi sa Dios na ama
tuloy ipagcamit ñg Lañgit na gloria
caya tahan ca na Pasiong ualang mata.

Hosted by Google

Saysay sa Pasion. Pag. 170.

Ano ñg gauang di toto
Jesús ang guinaua mo
at icao ay guinanito
pinasaquitang totoo
dahil sa sala ñg touo.

Ang Puná.

Ang cadahilanang aco'y guinanito
alam mo na Inang sa sala ñg tauo
ay baquit pa caya itinatanong mo
niligao ñg Pasion ang Virgeng Ina co.

Saysay sa Pasión. Pag. 171.

Sino man ang umiibig
sa aquin at nahahapis
dinguin yaring aquing sulit
aco ay biguian ñg tubig
uhao co'y upang mapatid.

Ang Puná.

Nañgaco si Jesús tumauid sa dagat
ñg madlang pahirap pagtubos sa lahat,
ñg mapaibayong malapit masadsad
ay napasaguip dao sa ibig mahabag.

Ang nasa ni Jesús ay magpacasaquit,
ang Pasion ay siyang cay Jesús lumait,
na di pinatagal pinahiñging tiquis
ñg icaguinhaua na camunting tubig.

Cun uicain palang nagdadamdam lagnat
ay medicong agad ang hiñging itauag,
icao magpapasion ay lubha cang bulag
agad magdudulo ñg hindi calapat.

Tinangal nila't pinucpoc
yaong pacong nañgag taos
Tinangal dao muna at saca pinucpoc
halos ang mañgusap ay di mapag-ayos.

Saysay sa Pasión. Pag. 176.

Lalong casaquitsaquitan
na halos cong icamatay
bunsó cun aquing matingnan
yang iyong tagliran
na canilang sinugatan.

Ang Puná.

Yaong Vírgeng Ina ay cailan mangusap
ñg ganiyang uicang camaliang hayag
halos icamatay siyang lalong hirap
ang sa taglirang napagmasdáng sugat.
At may lalalo pang mg̃a cahirapan
halos icamatay ñg Virgeng may lumbay,
para ñg maquita ang anác na hirang
ay biguiang pasaquit ipacong mamatay.
Ang nasa taglirang napag masdáng sugat
ay hindi na sucat na magbigay sindác,
yao'y natatacpán ñg daquilang hirap
sa pagcapanood sa patay na anác.
Ang sugat ñg paco sa paá at camay
ay siya pang dapat halos icamatay
at siyang pumatid cay Jesús na buhay
at hindi ang sugat sa may taguiliran.

Saysay sa Pasión. Pág. 165.

Maghinahon na't magluag
loob nating matataás
tayo'y tumulad cay Dimas,
miminsang siyang tumauag
ay nagcamit ñg patauad.

Ang Puná.

Sa paghihinaho't mg̃a pagluluag
tauo'y inaaca'y nitong Pasióng bulág
at doon nahulog sa minsang pagtauag
ni Dimas ay agad nagcamit patauad.
Ito'y caisa rin ñg bilin ni José
na huag cumain hilao na camote

at siyang tularan gaua ni Vicente
minsang nanaguinip ang ulo'y cumati.

Saysay sa Pasión. Pag. 179.

Cahit ipinahintulot
ñg hucóm at Fariseos
cay Joséf at Nicodemo;
ang paglilibing cay Jesús
oroy nila at pag ayop.

Ang Puná.

Itong uicang cahit, saan man ibunğad
ay uala isa mang tamaang calapat,
malapit ay caya, ibig ipañgusap
caya siya co nang gamiting ilacad.

Caya rao ang bangcáy ñg Poong si Jesús
sa dalauang banal ipinahintulot
na ilibing nilá ay yao'y pag ayop
pag libác cay Jesús nilang mğa Judios.

Dilang camaliang patuád na isip
ay siyang sa Pasióng alam ipagsulit
itulot ang bangcáy malibing maligpít
yaon baga'y gauang paglibác paglait.

Cundi itinulot si Cristo'y malibing
at pinabayaan na bibitinbitin
sa Cruz na hangang mabulóc uurin
ay siya pa bagáng cay Jesús pagtiñgin.

At siya pa bagang magaling na gaua
na hindi pag-ayop at pag-alipusta
hindi mo na baga Pasión icahia
ang caculañgan mong malubhang malubha.

Saysay sa Pasión. Pag. 180.

Anila ay pabantayan
ang inilibing na bangcay
maca nacauin si hucay
niyong dicipulong tanan
ipagbantog na nabuhay.

Digitized by Google

Tinauag na si Longino
niyaong dalauang soldado
ñg maharap cay Pilato
aniya ay bantayan ninyo
bangcay niyong abang tauo.
Maca magbañgon sa hucay
ay siya'y muling mabuhay
inyo ñg pagtacpantacpan
huag ipagmacaiñgay
sa tauong sino't alin man.

Ang Puná. Ito'y maliuanag na saysay pahaling caloob ay iba sa hiñgi at daing, ang iyac ñg bata siya'y pasusuhin ang andot ñg Ina ay sucang maasim.

Malibing si Jesús dumulog pagcuan cay Poncio Pilato silang punong bayan canilang hiniling sana'y pabantayan sa mga soldado cay Jesús na bangcay.

Baca pagnacauin ñg catalong madla discipulong caual ni Cristong inabá nag uling nabuhay siyang ibalita ang pagcatotoo sa libiñga'y uala.

Cay Poncio Pilatong mabatid ang hiling sa mga soldado'y nag-utos na tambing ang bangcay aniya'y bantayang magaling cun muling mabuhay iniyong ipaglihim.

Huag maalaman ñg tauong sino man uling pagcabuhay ay pagtacpantacpan, ito'y siyang sucang maasim na bigay ni Pilatong ulol sa Judiong daiñgan.

Siya bagang hiñgi nilang mga Judio yaong iniutos ni Poncio Pilato

Hosted by Google

na pagtacpantacpan ñg mga soldado
cun maquita nilang nabuhay si Cristo.
Ang sa mga Judiong cay Pilato'y hiling
ay ipabantayan ñga ñg di pagnacauin,
hindi ang pagtacpan mga ipaglihim
cun baga't mabuhay canilang mapansin.

¿Ano baga Pasión camunti man lamang
ay uala cang isip matutong magsaysay?
sucat cang patauag Pasiong Santong mahal
ang pagca santo mo'y mga camalian.

Bilin ni Pilato sa caual na lahat
ay napagdirinig nilang Judiong sucab,
datapua't ualang isa mang sumabad
alalaong po sana'y ang utos po'y linsad.

Hindi namin hiñgi ang pagtacpantacpan
cundi ang bantayang huag mapagnacao,
diyan sa utos mo ay tila po icao
ay may paniualang siya'y mabubuhay.

Cun ganito sanang may Judiong sumagot
cay Poncio Pilatong ulol na nag-utos,
di ang pagcasaysay ay may munting ayos
si Pilato lamang siyang locong bucod.

Judio'y di naramay nanapaquiulol
sa utos palisia ay nañgag si ayon
ay paano namang hindi magcagayon
ay si Pasiong lihis siyang tumitimon.

Saysay sa Pasión Pag. 180.

Sa natataquip na bato
ñg libing ni Jesucristo
nupo ang mga soldado
tua nila'y mago't mago
sa pagbabantay na ito.

Hosted by Google

Ang Puná. Ang mga sundalo'y nagpapalintican
at pinag-utusang magbantay ñg bangcay,
ang daquilang pascuang madlang casayahan
ay di nañgaquita't iniuan ang bayan.
Sinong cuadrillero ang di magpaculog
na siya'y utusang magbantay sa bundoc
ñg patay na tauo'y fiestang maragunot
ay siyang iniuang hindi mapanood.
Caya tahan cana Pasiong pabisool
camunti man lamang ay uala cang ucol
nacacapara mo'y ang lulucsong lucton
na tuloy ñg tuloy saan man matalon.

Saysay sa Pasion. Pag. 188. Ang ibang mga soldado
tacsil at mapañgimbulo
puso nila'y nañgagulo
sa mga pañgacong ito
nagsipayag na totoo.

Ang Puná. Puso ng soldado'y hindi nanga gulo
dahilan sa sila ay mapañgimbulo,
matacao ñg pilac siyang sabihin mo
caya nagsipayag sa pañgacong lilo.
Ganiyang caraming salitang nagcalat
ay ualang macapcap ang isip mong salat
cahit pala mali ang iyong masulat
sa guinagaua mo'y gagauing pangdagdag.
Paquingan mo yaring pagayaring sabi
pagayaring tulang tila pangpauili
tainga'y iquiling paquingang mabuti
cun maquiquitaan ñg camunting dumi.

(Tula ng pumuná.) Ang mga sundalong sucab
na matacao sa pilac
sa pañgaco'y nahicayat,

Hosted by Google

puso nila'y nabagabag
nagsitañgo't nagsipayag.

Saysay sa Pasion. Pag. 186.

Tayo naman tauong lahat
sa cay Longino'y tumulad
magtiis ñg madlang hirap
at ñg magcamit patauad
sa Dios haring mataas.

Ang Puná.

Cun hindi na baga papugot ñg ulo magtiis ñg hirap para ni Longino ay di na magcamit patauad ang tauo, ito'y mga aral ñg maling isip mo.

Anong madlang hirap ang mga tiniis niyong si Longinong pinutlan ñg liig ang parusang pugot ay lubhang malamig para lamang siya noo'y nanaguinip.

Uinica mo sana tayo ay tumulad cay Longinong asal umayao sa pilac cahima't naualan ñg buhay na iñgat ay hindi pumayag sa licong hicayat.

Ito ay bihirang maquita sa tauo marami'y sa pilac ay nañgabubuyo agad pasasacsi sa hindi totoo caya ñga tularan gaua ni Longino.

Cun ganito sana mga iniyaral, ito ang pagtulad cay Longinong asal ñguni at paanong ito'y matutuhan iaral ay ualang sucat na pageunan.

Saysay sa Pasión. Pag. 187.

Lalo yaong si Pedro
ay nagpaunang totoó
sa Galilea tumuñgo

Hosted by Google

sapagca't pañgaco itó
ñg maalam na Maestro.
Sa baya'y agad naquita
si Pedro ni Magdalena
si Juan ang casama,
(Tiguil Pasión at dito ca
mag isip ñg iyong sala).

Ang Puná. Uica mong si Pedro'y nasa Galilea na tumuñgo roong siya'y nagpauna at saca sa bayan ay siya'y naquita casama si Juan, niyong Magdalena.

Saysay sa Pasion. Pag. 188.

Ang itinugon na lamang
ni Magdalenang timtiman
ano't di co icalumbay
ang Poong co'y pinagnacao
at cun saan inilagay.

Ang Puná. Ang Judiong sucaban ang nañgauaualan ñg bangcay ni Jesús na binabantayan, caya ñga't ang Judio'y may bibig magbintáng sila Magdalena ang nagsipagnacao.

Caya ñgani Pasion ay huag mo sana gauing cabilosa iyong Magdalena ang ñga uauala'y Judiong palamara iñgat baga caya at nacao pa nila.

Saysay sa Pasion. Pag. 190.

Ñguni nañga pamaang
sila't nañga tilihan
binati sila pagcuan
cun cayo ay mayroon dian
ating sucat mahapunan

Ang Puná. Mapamaang pala ay palatandaan na may hahapunang iniñgat na simpan

Hosted by Google

caya ñga bumati si Jesús pagcuan
aniya cung gayo'y may hapunan diyan.

Saysay sa Pasion. Pag. 196.

Balang tauong macaquita
para parang nagtataca
ñguni bucod at caiba,
hindi sumampalataya
yaong Judiong lahat na.
Agad nilang inupatan
ang mga tauo sa bayan
nang huag paniualaan
yaong mga pangangaral
ng apóstoles na tanan.

Ang Puná. ¿Sinong inupatan? ¿at sinong umupat? ¿hindi baga sila'y tauong bayang lahat, Judio baga'y hindi Judiong tinatauag? ¡oh magtahan cana Pasiong lubhang liuas!

Saysay sa Pasión. Pag. 197.

Nang maghiuahiualay na
apóstoles na lahat na
ang Virgeng Sta. Maria
sa Jerusalem tumira
mangangaral na talaga.

Ang Puná. Ang mahal na Virgen sa Jerusalem dao ay nagpatumira't cusang mangangaral at ang pangangaral ay nacalimutan na hindi guinaua cahima't miminsan.

Saysay sa Pasion. Pag. 197.

Ano pa at si Maria
ualang guinagauang iba
cundi tumauag tuina
paampon at pacalara
sa bugtong na anac niya.

Ang Puná. Pacalara lamang sa anac na bugtong ang siyang guinaua sa habang panahon,

Hosted by Google

mg̃a pang̃ang̃aral ay hindi inucol
caya sinung̃aling itong boong Pasión.

Saysay sa Pasion. Pag. 200.

Halos boong sangbayanan
naparoo't nagsidalao
na nagsisicsic ang bahay,
marami pa at macapal
ang tauong na sa lansang̃an

Ang Puná. Sa Inang Virgen dao ay niyaong mamatay
ay nang̃ag sidalao boong sang bayanan,
¿ano baga Pasión saan mo natunghan
itong sinabi mong di catotohanan?

Aling sangbayanan ang dadalao baga
sa Ina ni Jesús na pinatay nila,
boong caanacan sampong dilang sama
ni Jesús na Poo'y di ibig maquita.

San Esteba'y unang pinagpuculanan
hangang si Saulo comisio'y biniguian,
na pauang pagdacpin cay Jesús na caual
hangang nagpanauan sa laquing ligamgam.

Cabayanang Judiong boong Jerusalem
ay mg̃a demonio ang siyang cahambing
at siyang dadalao sa bangcay n̄g̃ Virgen.
caya tahan ca na niyang pagtuturing

Sang bayanang Judio ay boong nasabog
sampo pa n̄g̃ templo napugnao nasunog,
dahilan sa tigas n̄g̃ sama n̄g̃ loob
¿at siyang dadalao sa ina ni Jesús?

Saysay sa Pasion. Pag. 201.

At canilang iniharap
ang Virgen Inang mapalad
catuaa'y dili hamac,

Hosted by Google

pagpupuri'y ualang licat
ñg Santisima Trinidad
Sinalubong na ñga siya
ñg icalauang persona
niyacap capagcaraca
madlang puri'y sabihin pa
ni Jesús sa Virgeng Ina.

Ang Puná. Sa Langit ang Virgen ay ng maiyaquiat
ñg mga Angeles agad iniharap
sa di matingcalang harapang marilag
niyaong Santisima divina Trinidad.

Mangaling maharap sa tatlong persona
ay sinalubong dao ni Jesús ang Ina,
maquita'y niyacap ang Ina pagdaca,
ito ang sa Pasiong camaliang badia.

Sa pinagharapang divina Trinidad
ay di pala roon casama ang Anac,
caya sinalubong ang Inang marilag
noong cagagaling sa tatlo'y maharap

Ang Verbo ay tila ibang-ibang tunay
sa isa sa tatlo na pinagharapan,
bahalang magbalac ang isip mahusay
sa saysay ñg Pasiong cabañgao-bañgauan.

Saysay sa Pasión. Pag. 202. Nang si Thomas ay dumating
sa bayan ñg Jerusalem
di na naquita ang Virgen,
sapagca ñga't na ilibing
catauang maaluningning.
Sabihin ang hapis sindac
ñg apostol na si Thomas
hangang inalio ñg lahat

Hosted by Google

na casamahang alagad
sa gavong pighati't hirap.
Pag. 202. Ngũni't dirin tumiuasay
puso niyang nalulumbay
di naidlip gabi't arao,
ñg laquing capighatian
di nacacain munti man.

Ang Puná. Thomas ay bago pang cararating lamang na hindi pa siya natatanghalian mayroon na bagang mga gabi't arao di iquinaidlip na pinagdaanan.

Ang pananánghali di pa dumarating at may masabing hindi macacain, caya ñgani Pasion bago ca magturing ay siasatin muna yaong sasapitin.

Saysay sa Pasion. Pag. 202. Dumaing capagcaraca
cay San Pedrong puno nila
na pinabucsang talaga.
ang libing ñg Virgeng Ina
ibig humalic sa paa.
Nang bucsan ay naquita
ang bangcay ay uala na...
(at ualang nahagcang paa
si Thomas ay dito sana
lalong dapat mabalisa.)
Nang matanto at mabatid
ni Thomas na nahahapis,
tumiuasay na ang dibdib
(at di siya nacahalic
at ualang paang nasilip.)

Ang Puná. Nang ualang naquita at ualang mahagcan ay dito nauala cay Thomas na lumbay,

Hosted by Google

paano'y ang lumbay ay paramdam lamang
sa Virgen at baca sa libiñga'y buhay.

Ang mapag uicaan ang ilag ni Thomas
balitang namatay ay hindi nasindac,
caya ñga't pagdating nagparamdam agad
ñg daquilang lumbay na ualang catulad.

Nagpapatigulong sa mañga lansañgan
hindi na apula ang panghihimatay;
ito'y di na lamang sa Pasiong sinaysay
at siya'y sicsic na niong camalian.

Mabatid ni Thomas ang Virgen ay uala
ay anhin pa caya ang mga pagluha,
ang pinasilacbo ay daquilang tua
at uala nang Virgeng maguiuicauica.

Ano pa't si Thomas ay guinauang ulol
pinatañgistañgis ñg ualang caucol,
madlang pananaghoy at madlang hagulhol
ang pinagcacatha ñg maruming Pasión.

Saysoy sa Pasión. Pag. 152.

At cundi rin mag-iiba
loob sa dilang sala
daratnan ñg gayong dusa
caya ñgayo'y magsisi ca
at tuloy magpenitencia.

Pag. 204.

Tayo ay magsamantala
magsisi ñg ating sala
dagdagan ang penitencia
ñg tayo ay macasama
sa Lañgit ñg Virgeng Ina.

Ang Puná.

Aling penitencia itong sinasaysay
na dapat na gauin at tuloy dagdagan,

Hosted by Google

baca ang magdapa sa mg̃a lansañgan
na gaua ñg̃ ulol cun mahal na arao.

Ito'y di magaua sa sariling lihim
sapagca at ualang titiñgi't papansin
turo ñg̃ diablo'y magaang tuparin
sa banal na gauang sa Dios pahinguil.

Para ñg̃ paghain sa mg̃a Dioses
ang mahal na anac batang mababait
ay nañg̃agbabatang sa apo'y ihaguis
palibhasa'y aral ñg̃ demoniong ganid.

Diláng penitenciang pahirap catauan
cahima't magaling ay di casangcapan
na gauin ñg̃ tauo't ñg̃ masama lamang
sa mahal na Virgen sa Lañgit na bayan

Caya tahan ca na Pasiong lubhang bulag.
ang penitencia mong pinag-uungcat
ay di casangcapan na icaaaquiat
sa Lañgit ñg̃ Dios na lubhang marilag

Saysay sa Pasion. Pag. 205.

Ano'y sa calupitan
ñg̃ mg̃a Judiong hunghang
canilang caugalian
magdaya't gumauang lalang
sa sino mang parusahan.
Cun sacali't mamatay na
at ililibing na nila
sa hucay ay isasama
ang casangcapang lahat na
ipinatay sa may sala.

Ang Puná. Caugalian dao nilang Judiong hunghang ang pinarusahan ay gauan ñg̃ lalang,

Hosted by Google

pagdayaan bagang madadagdagdagan
ang mg̃a paglibac sa ipinapatay
Paglibac na ito'y cun ilibing nila
bangcay n̄g̃ may salang biniguiang parusa
dilang casangcapang ipinatay baga
ay ibabaon ding ipaquiquisama.
Ang ugaling ito ay siyang inasal
sa bangcay ni Jesús nilang Judiong hunghang
ipinaquisama doon sa lihin̄gan
dilang casangcapang mg̃a ipinatay.
Ang macaliligao; siyang laguing udioc
malinao mong sabing sila Nicodemos
ay siyang naglibing sa bangcay ni Jesús
at hindi ang Judiong may dagdag na ayop.
Noon ding ilibing cay Jesús na bangcay
nila Nicodemos ay di mo sinaysay
na isinama doon sa libin̄gan
ang Cruz at paco ni Jesús na mahal.
Icao ang may sabing ipinahintulot
quina Nicodemos ilibing si Jesús
at dito'y Judio na sa ugali sunod
ang nagsipaglibing sampong paco't Cruz
Caya Cruz at paco'y ipinaquibaon
uica mo'y ugaling paglibac pag-oroy,
diláng napagcuro n̄g̃ isip mong putol
ay siya mong saysay sa lihis na Pasion.
Ang pinagbitayan cung ipaglathala
na hindi iligpit maquita n̄g̃ madla,
ay siya pa yatang mabuting acala
sa mg̃a binitay ay magandang gaua.
Nguni't cung ibaong ualang macaquita
n̄g̃ uala na bagang magbigay balisa

Digitized by Google

ay siyang pag oroy at pag alimura;
di ito'y Pasiong di magpapamata.

Saysay sa Pasion. Pag. 206.

Caya guinauang tibobos
ñg malulupit na hayop
anila'y ñg di mabantog
na turang anac ñg Dios
yaong pinatay sa Cruz.

Ang Puná.

Sabi sa itaas ay ugaling lubos
Cruz ay ibaon sa patay pag-ayop
dito'y ibinaon ang Cruz ni Jesús
ñg hindi mabantog siya'y anac Dios.
Saan saan bagá lumalacad icao
saan man matuñgo'y nagcacangliligao,
sa balang hacbang mo'y napapag aninao
na ang iyong mata'y malabong bulagao.
Ang Cruz ni Dimas at Cruz ni Gestas
ay ibinaon di't ñg di magpahayag,
na silang dalaua'y mga Dios anac,
naquita na rito saysay mong pabulag
Pasio'y mag-aral ca't namong maalaman
ang Cruz ñg una'y siyang bibitayan,
para naman ditong binago ñga lamang
na tinotornillo sa tauo'y pagpatay,
Isang bibitayan ay cung ipabaya
na hindi iligpit ¿anong ibalita?
di yaong binitay ay isang cuhila
isang lilo't sucab tulisang daquila.
Cun hindi inalis sa bundoc ang Cruz
ay siyang cay Jesús pag-oro'y pag-ayop
at sa ipinaco'y siyang magbabantog
na isang sucaban at lilong puyapos.

Hosted by Google

Cauañgis ñg Pasio'y falsong mamamana
pasumalang punta'y marahil tumama,
ñguni't cung isipat isip na panudla
lacad ñg palaso'y pilit nalilisiya.

Saysay sa Pasión. Pag. 208.

Tayo naman ay pumara
sa gaua ni Sta Elena
sa paghanap at pagquita
ñg casangcapang lahat na
na isinacop sa sala.

Ang Puná.

Ay paano cayang ating maparahan si Santa Elenang Reyna ay mayaman sa mga paghanap dilang casangcapan na ipinanacop sa sala ng tanan.

Tayo'y mga ducha at hindi pa reyna mga babaunin ay saan cucuha, isang lacsang piso ay cuculañgin pa sa paghanap lamang casangcapang isa.

May nagsalitaan na dalauang bata ang yaya sa isa ay sila'y gumaua sa guitna ñg buquid ñg isang Maynila pagtindahan nila puto at badhuya.

Ang tugon ñg isa ay oó, aniya ñguni't uala aco cundi tatlong cuarta, huag anang isa na mag ala-ala at may cuarta acong iniñgat na lima.

Sa ualong cuartang mga pag aari cun isang Maynila'y maipayari at malalaguian pa tindang sari sari ay mapaparahan cay Elenang budhi.

Caya ñgani Pasion icao ñg mag isa ay siyang gumaya cay Sta. Elena,

ang batang lahat na'y siyang ipagsama
at lahat na iyong nañgacacapara.

Saysay sa Pasión. Pag. 215.

Doon sa pagcacapisan
ñg mga lilo at banal
pag bubucdin bucdin naman
sa pagca't aaliñgasao
baho ñg macasalanan.

Ang Puná. Yao'y carampatang caya pagbubucdin
ang dapat sa banal ay sila'y cananin,
sa macasalanan sila'y caliuain
ito'y ang dahilang may lasang sabihin.

Cun pag aliñgasao ay siyang dahilan
di ang mga banal ay mababahuan;
ang sa Catesismong saysay pala lamang
hindi mo pa tanto'y nañgahas umaral.

Sa malualhati ang sabi ay apat
bigay sa catauan na biyayang ganap,
ang isa ay ualang maramdamang hirap
apoy, saquit, baho'y di magsisitalab.

Nasa Catesismo'y di mo pala alam
ay paano icao na macacompisal
ay di pala alam dasala't tanuñgan
pilit malalaglag sa mga sulitan.

Marami ñg lubhang mga pagcasuboc
na ang Catesismo'y hindi mo pa talos
sa pinag aralang camungting naabot
ang intinde mo pa ay ligao na lubos.

Matuidtuid pang iyong isinaysay
caya pagbubucdi'y ñg di mabañguhan
ang macasalanan ñg bañgo ñg banal
na hahalimuyac na nag sisiglahan.

Saysay sa Pasión. Pag. 215.

Ay ano'y cun maibucod na
ang banal sa tauong sala
mananaog capagdaca
si Jesús na Poong ama
madlang Angel ang casama.

Casama ring mananaog
ang lahat ñg mga Santos
at siyang sacsing tibobos
niyong biyaya ni Jesús
sa tauong tacsil na loob.

Ang Puná. Mag uling mabuhay lahat bagang tauo cun magcabucod na banal baga't lilo dito'y mananaog ang Poong si Cristo casama'y Angeles at lahat dao Santo.

Mga Santong ito'y alin caya baga hindi calulua at nagsilangcap na sa dating catauang quinasacasama at nabubucod na sa tauong masala.

Alin aling Santo, sasama cay Cristo dito'y mananaog magpapatotoo, sila'y hindi sucat na tauaguing tauo at ang tanang tauo'y nasa Mundong ito.

Nasa calendario santong calahatan sila ñga ang banal nag-uling nabuhay ¿aling santo silang iyong sinasaysay sasama cay Cristong magpapaaninao?

Ngunit uala ring sucat maituro na cun sino silang Santong di matanto, sila'y mga uod bumucal tumubo sa lisia mong isip na siyang nagcuro.

Saysay sa Pasion. Pag. 217.

O mga Cristianong tanan
na mapaghandog ng aral
mag-isip ca na't magnilay
loob nating salauahan
sa gauang di catuiran.

Ang Puna., Sino caya yaong asal mapaghandog
at sa ati'y sinong salauahang loob,
ang aral na ito'y saan napasuot,
cun saan nagmula't cung saan pumasoc.

Dito ay mayroon na Cristianong tanan,
dito ay mayroong «icao ay magnilay»
dito ay may ating loob salauahan
at may sinabi pang pauang di catuiran.

Icao nga'y ang Pasiong lubhang mapaghandog
sari saring aral na balubaluctot,
icao ang magnilay, matacot sa Dios
sa pinagsasabing hacahacang buctot.

Saysay sa Pasion. Pag. 217.

Samantalang may hininga
maglaan cang maaga
cung gumabi't dumilim na
ay lalong maghihirap ca
gumaua'y ngangapa ngapa.

Ang Puna. Tauong nariliman ay patay na siya
ay macagagaua na maghihirap pa
maca ngapangapa ang ualang hininga
caya ngani Pasion ay magtahan cana.

Ang pagpapamata sana ay itahan
ito ay sucat ng pagcaquilalanan
na ilang natitic sa aniyo at lagay
ng Pasiong guinamit na mahabang arao.

Hosted by Google


Hosted by Google